

Ang Ilog Pasig sa mga Banyagang Batis ng Ika-19 na Dantaon

Analyn B. Muñoz*

ABSTRAK

Ang maikling pag-aaral na ito hinggil ay sa mga naisulat na akdang naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa Ilog Pasig na pawang batay sa mga primaryang batis. Isinulat ang mga ito ng mga dayuhang napadpad sa Pilipinas noong ika-19 na dantaon. Napili ang krusyal na kabanatang ito sa ating kasaysayan sa dahilang dito naging ganap na bukas sa mga banyaga ang kapuluan sa ilalim ng administrasyong Espanyol. Bawat isang banyagang bisita ay may kanya-kanyang layunin sa pagtapak sa kolonya at ispesipikong kontekstong kinapapalooban na magbibigay-liwanag sa klase ng kanilang akda. Layunin ng pananaliksik na ito na, una, unawain at suriin ang mga papel at kahalagahan ng Pasig ayon sa mga salaysay na nakapaloob sa mga napiling banyagang batis. Sa pagpapalitaw nito, hindi maiiwasang isalaysay ang pamumuhay ng mga taong nakadepende sa kalikasan at yaman ng katubigan. Ikalawa, isakonteksto ang pagkakalimbag ng mga batis na ito at paglalakbay ng mga Europeong awtor. Sasagutin ang mga katanungang: Anu-ano ang mga papel at kahalagahan ng Ilog Pasig sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay sa Pilipinas bilang kolonya noong ika-19 na dantaon? Bakit naparito ang mga banyagang Europeong awtor ng mga batis tungkol sa ilog?

Mga Susing Salita: Ilog Pasig, Manila, Bangka, Ika-19 na dantaon, Europeong manlalakbay

Introduksyon

Sa mahabang yugto ng kolonyalismong Espanyol, ang Ilog Pasig ang tanging nag-iisang lagusan papasok at palabas ng kapuluan para sa mga banyagang dadalaw at lilisan dito. Mga Europeong nagmula sa iba't ibang bansang may kanya-kanyang layon o misyon ang bumibisita, nagpabalik-balik, at nanahanan nang ilang taon sa kolonya. Sa pagtuklas at pamilyarisasyon nila sa pang-araw-araw na pamumuhay rito, ang mga katutubo, mga gawain, kalinangang materyal, yamang-likas at produkto, at mga nayon at *pueblo* sa tabing-ilog ang unang tumambad sa kanilang mga mata. Naipasa ang mga impormasyon, obserbasyon, at kanilang mga komento sa nasaksihan at naranasan sa sumunod na mga siglo dahil sa iniwan nilang mga rekord na inilimbag bilang mga libro. Ang mga primaryang batis na ito ang pangunahing gagamitin sa pag-aaral sa Pasig. Layunin ng papel na itampok ang Ilog Pasig bilang krusyal na anyong-tubig sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng mga katutubo at ng Pilipinas sa pangkalahatan noong ika-19 na dantaon. Bibigyang-linaw rin kung bakit panay ang pasok ng mga Europeo sa Pilipinas sa nasabing panahon.

Ilog Pasig: Lokasyong Heograpikal at Maiksing Kasaysayan

Ang Ilog Pasig ay pinagigitnaan ng Laguna de Bay at Manila de Bay (PRRC 2014 Annual Report, ph. 6), sa latitud 14° 35' 15.59" H at longhitud 120° 59' 11.99" S (<http://latitude.to/articles-by-country/ph/philippines/12940/pasig-river>)¹, na may habang 27 km. (PRRC 2014 Annual Report, ph. 6).

Malamang na hindi naging sentro ng komersyo ang Manila sa kasaysayan kung wala ang Ilog Pasig. *"It was her first highway, if by highway we meant a major transport route"* (Alejandro at Yuson, 2000, ph. 71). Wala pa ang mga Espanyol, puntahan na ito ng mga kapwa Asyanong mangangalakal. Ginagamit ang ilog sa pakikipagpalitan sa mga taong nakatira sa gilid nito (ph. 71).

Pagtapak ng mga Espanyol sa kapuluan, agad ring pumasok sa kanilang mga rekord ang katubigan:

But to return to the river of Manila - - over which the passage to the baths is made in boats, large or small according to the number of passengers - -by going up the stream the lagoon is reached; this, with its forty leagues of circumference, is one of the most

remarkable objects in the world.... it contains many crocodiles or caimans (which there are called buaya), which cause great havoc among the poor fishermen and traders who navigate the river - - especially in stormy weather, when the waters become tumultuous, as often happens, and swamp their vessels. (Chirino, 1604, ph. 216)

Tinatawag ding ilog ng Manila ang Pasig noon. Karugtong ang Laguna de Bay, isama pa ang Manila de Bay, hindi kataka-takang ang ilog, pati ang lawa at look, ay katatagpuan ng iba't ibang uri ng buhay sa ilalim ng tubig, gaya ng buwaya na nabanggit sa itaas.

Hindi pa man nagiging opisyal na kolonya ng mga Espanyol ang arkipelago, narinig na nila ang mga kuwentong kamangha-mangha tungkol sa Manila habang naglalakbay patungo rito. Ayon sa isang katutubo, masisilayan dito ang pagkalalaking mga bangkang may sagwan, na bawat isa ay lulan ang 300 mananagwang katabi ang mga mandirigma (Chirino, 1604, ph. 82). Maliban sa istoryang ito, ang iba pang katutubong nanggaling sa Manila na hinarang ng mga Espanyol ay sakay ang mga kalakal mula rito (ph. 90-91). Patunay lamang ng pagiging sentro nito ng kalakalan at mga produktong dinadala naman sa ibang parte ng kapuluan, partikular sa Luzon.

Ang kasaganahang hatid ng ilog sa Manila ay naghatid rin ng katanyagan sa pangalan ni Raha Soliman, na inilarawan ni Chirino (1604) na siyang pinakadakilang pinuno sa lahat (ph. 92). Karagdagan pa, inilarawan ang bayan ng Manila na malaki at mayaman bunga ng malawak na pakikipagkalakalan (ph. 101). Pangunahing katibayan ng kariwaan ng pamumuhay ang malaking bahay ni Raha Soliman. Ubod ito nang laki at maraming mamahalin at mahahalagang mga bagay na natagpuan: salapi, tanso, bakal, porselana, mga kumot, sera (*wax*), bulak, at mga bariles na kahoy na puno ng *brandy*. Ayon sa tantiya ng mga katutubo, umaabot na sa halagang 5,000 dukat ang nawasak na mga muwebles sa bahay ng Raha, hindi pa kasama ang iba pang mga kagamitan at bagay-bagay sa loob nito (ph. 102-103).

Sa nagtagumpay na pananakop, hindi nawala ang sentralidad ng Pasig kahit malaki ang pagkakaiba ng sistema at mukha nito sa lipunang nakapalibot dito. Kung babalikan, ang Manila ay naging masagana at bantog na bayan dahil sa kakambal nitong ilog. Ang reputasyon nito bilang sentro ng lahat ng mga daungan, bayan, at teritoryo sa Luzon, ang kumumbinsi sa mga kolonyalistang ito na rin ang maging kapital ng kolonya (ph. 106). Para kay Gobernador-Heneral Miguel Lopez de Legazpi, ang taglay na lakas at

ang kinalalagyan nitong mayamang distrito (Morga, 1609, ph. 50) ang mahahalagang kadahilanan kung bakit ang Manila na nga ang karapat-dapat na sentro ng kapangyarihang Espanyol sa buong kolonya.

Hindi nagbago ang kadikit na kasaganaan ng Ilog Pasig sa siglu-siglong pananakop ng mga Espanyol. Parte ang bangkang naglalayag/sinasagwan sa Pasig ng makasaysayang Kalakalang Galyon. Kapag buwan ng Marso, bumibilang ng 465 ang ginagamit na mga sakayan: "*barges, lighters, tugboats, lots, the batel, fishing boats, ferry boats, tankers and skip boats*" (Alejandro at Yuson, 2000, ph. 81). Daan-daang sasakyang-pantubig ang bumabagtas sa ilog bitbit ang samu't saring mga bagay: mga kargamento, nayaring mga produkto (*finished product*), at hilaw na mga sangkap buhat sa mga industriyang nasa pampang (ph. 81). Ang ilog ang naging *transshipment port* ng Kalakalang Galyon na umabot ng 250 taon. Ito ang krusyal na tulay ng mga nasa Kanluran upang makarating ang mga produktong galing ng Silangan (ph. 71). Nagkaroon ng reputasyon ang Manila bilang kauna-unahang sentral na pamilihan sa silangan dulot ng karangyaang dala ng Kalakalang Galyon. Lumikha rin ng uring panlipunan ang kariwasaang ito, ang mga ilustradong gaya ni Jose P. Rizal (ph. 81) noong ika-19 na siglo.

Pilipinas ng Ika-19 na Siglo

Pagsapit ng ika-19 na siglo, opisyal nang binuksan ng mga Espanyol ang kolonya sa mga dayuhang mangangalakal dahil sa mahinang lagay ng ekonomiya nito. Isang dahilan ay ang pagwawakas ng Kalakalang Galyon noong 1815. Kapansin-pansin ang maraming pagbabagong hatid ng pagbubukas ng kolonya: pagsusulputan ng mga *port town* tulad ng Manila, Iloilo, atbp.; pagtatayo ng mga bahay-kalakal ng mga Amerikano, Briton, at iba pang Europeo; pag-unlad sa komunikasyon at transportasyon; at, pinakaimportante sa lahat, ang mga *cash crop*, pangunahin na ang asukal at abaka. Resulta ang mga pagbabagong pangkabuhayan ng mga repormang ipinatupad ng dinastiyang Bourbon ng Espanya. Tinangka nitong palaguin ang ekonomiya ng Pilipinas pagdating sa pagtatanim ng mga bagong halaman tulad ng kape at mga pampalasa; pagtatatag ng bagong mga industriya ng seda at produksyon, at pagbibigay ng insentibo sa mga pag-aaral at imbensyon sa larangan ng agham (Diokno at Villegas, 1998, ph. 7-8).

Ngunit, ang totoong nasa likod ng katuparan ng mga programang ekonomiko ay ang mga dayuhan. Ang mga Briton at Amerikanong mangangalakal at *shipper* ang may malaking partisipasyon sa ekonomiyang kolonyal (ph. 8). Dominanteng aspekto ng kabuuang ekonomiya ang

pagluluwas ng mga produkto, 95% nito ay mga produktong agrikultural: abaka, asukal, tabako, at kape (ph. 11).

Ang pagbubukas ng pintuan ng Pilipinas sa mga tagalabas ay katumbas ng pagpasok ng iba't ibang nasyonalidad rito. Hindi lamang komersyal na interes ang kanilang inatupag. Bilang mga banyagang turista at manlalakbay, nagsulat sila ng kanilang naobserbahan at naranasan sa Pilipinas, partikular na sa Ilog Pasig.

Ang Europa at mga Europeo ng Ika-19 na Siglo

Bago tumuloy sa mga Europeong nagsulat ng mga obserbasyon at karanasan sa kapuluan, tatalakayin muna sa seksyong ito ang Europa sa ika-19 na siglo. Sa pamamagitan ng pagsasakonteksto sa pinagmulang kontinente, maipaliliwanag ang nagtulak sa kanilang pagdating at/o interes sa Pilipinas.

Siyentipikong ekspedisyong ng mga Europeo

Ang ika-19 na dantaon ay yugto ng paglalakbay at paggagalugad ng mga likas na yaman ng mga Europeo. Binigyang-daan ito ng ika-18 siglo na kilala bilang "Panahon ng Siyensiya" (Boomgaard, 2013, ph. 1) dahil sa mga imbensyon/inobasyon, at mas mainam na mga instrumentong pang-aghham (ph. 4). Kinakitaan din ito ng mga paglalakbay at pagtuklas ng mga Kanluranin (ph.1). Maoobserbahan ang likas na penomena sa pamamagitan ng pangongolekta, pag-aayos, pagtukoy, pag-uuri, paghahambing, at pagpapakita nito. Nauso ang "*curiosity cabinet*" na naglalaman ng mga halaman at hayop, mineral, *fossils*, at mga *artifact*. Kasama rin dito ang mga etnograpihong bagay at mga kasangkapang "pang-aghham" gaya ng teleskopyo at globo. Kung dati-rati ay mga indibidwal na hindi nabibilang sa siyentipikong propesyon ang nangangalap, pagdatal ng huling bahagi ng ika-17 na siglo hanggang unang bahagi ng ika-18 ay pawang mga propesor ng natural na kasaysayan, *physician*, at mga *pharmacist* na ang nasa likod ng mga kabinet bunsod ng siyentipikong kadahilanan (ph. 5-6). Dumami ang mga *curiosity cabinet*, *botanical garden*, atbp., pangunahin dahil sa pagpapalawak ng teritoryo ng mga Europeo (ph. 8).

Ginamit ang siyensiya sa pagpapalawig ng sinasakop na lupain at pagtatayo ng imperyo. Nagtataglay ang kolonyal na siyentipikong proyekto ng motibong politikal at ekonomiko (ph. 9). May kaugnayan ito sa ipinanganak na iba't ibang sangay ng agham sa pagsisimula ng ika-19 na

dantaon: *botany, zoology, etnograpiya, heograpiya, arkeolohiya*, at estadistika (ph. 12). Nagkakatulad ang mga Europeong kolonista sa paghahanap ng mga likas na yaman sa malalayong mga lupain para sa ekonomiko, politikal, at siyentipikong kapakinabangan (Reyes sa Boomgaard, 2013, ph. 66). Sa katunayan, noong ika-18 na dantaon pa lamang ay layunin na ng Inglatera at Pransya na mamuhunan sa komersyal na mga posibilidad, pagpapalawak, at sa pagpapalago ng mga bagong *arena* para sa kalakalan (ph. 68).

Komersyo at Politikal na interes

Ang malawakang pandaigdigang kalakalan ay resulta ng kolonyalismo na naabot ang rurok noong ikalawang bahagi ng ika-17 na siglo at unang *quarter* ng ika-18 na siglo (Berend, 2013, ph. 33). Nangunguna at itinuturing na isang kapangyarihan ang Britanya sa aspektong pangkalakalan sa Europa noong ika-19 na siglo. Nanatili rin itong pinakamalaking may hawak ng negosyo sa pagpapatakbo ng bangko sa buong mundo at pinanggagalingan ng pondo ng dayuhang kapital sa panahong ito. Nanatili itong pinakaimportanteng sentro ng komersyal at pinansyal na gawain sa Europa. Samantala, noong 1850 lamang nagumpisang magluwas ng kapital ang Pransya (Hearder, 1966, ph. 105). Katangian ng ika-19 na siglong Europa ang kaunlarang ekonomikong bunsod ng Industriyal na Rebolusyon. Kaakibat nito ay ang pagsilang ng modernong transportasyon at sistema ng pagbabangko (Berend, 2013, ph. 2).

Bilang resulta na rin ng mas pinadaling komunikasyon at transportasyon, mas naging madaling marating at mabaling ang pansin ng mga Europeo sa Timog-Silangang Asya. Sa interes politikal ng mga Europeong kolonisador, natatangi rin ang ika-19 na siglo. Mapapansing mas tinutukan at halos buong rehiyon ay naging kolonya ng mga Europeong bansa (SarDesai, 1997, ph. 140). Higit na nagbuhos ng atensyon sa pamamahala ang Britanya sa Malaysia nang manganib ang kalakalan nito, partikular ang interes sa Tsina, sa kamay ng Olandya (ph. 100-101). Ang di magmaliw na ekonomikong interes sa Tsina ang kumumbinsi rin sa mga Briton na kunin din ang Myanmar noong 1885 (ph. 110, 123). Naghahabol rin ang Pransya sa masiglang kalakalan sa Tsina kung kaya't kinolonisa naman ang Vietnam, simula noong 1862, na kapitbahay (ph. 127) lamang ng higanteng bansa.

Ang maiksing pagtalakay sa Europa at sa pagdayo nila sa Timog-Silangang Asya sa ika-19 na dantaon ay nagbigay-linaw sa tatlong mahahalagang motibo ng makakapangyarihang Europeong mga bansa sa rehiyon: siyentipikong ekspedisyong, komersyal at politikal na interes.

Magkakakawing ang mga ito, na kung mawala ang isa, ay magiging imposible ang natamong sukdulang kapakinabangan sa mga bansang nasakop sa rehiyon. Tatalakayin sa mga susunod na bahagi ang natalakay na mga Europeong bansa kaugnay naman ng Pilipinas. Itatampok ang kanilang mga akdang sinasalungguhitan ang Ilog Pasig.

Napili ang primaryang mga batis sa papel na ito sa dalawang kadahilanan: una, ang mga ito ay kinikilala sa disiplina ng kasaysayan bilang esensyal na primaryang mga batis kapag pinag-aaralan ang Pilipinas noong ika-19 na siglo sapagkat kilalang mga personalidad ang nagsulat ng mga ito at nagkaroon nang malaking intelektwal na kontribusyon ang kanilang mga isinulat; at ikalawa, napili ang mga ito dahil sa pagsasalaysay tungkol sa Pasig. May iba pang natagpuang primaryang mga batis, iyon nga lamang, napakaminimal ng pagbanggit sa ilog, o wala talagang sinabi tungkol rito. Nakaayos ang mga batis base sa, una, layunin/konteksto ng pagbisita ng mga Europeo, at, ikalawa, sa kronolohikal na paglabas ng mga ito. Naigrupo ang mga batis sa apat batay sa layunin o motibo ng pagdayo sa Pilipinas: mga batis mula sa mga siyentipikong ekspedisyong, mula sa opisyal na pagbisita, mula sa mga manlalakbay, at mula sa ekspedisyong militar. Unang tatalakayin ang mga siyentipikong ekspedisyong sapagkat tulad ng nabanggit sa itaas, namayani sa kalakhan ng Europa noong ika-19 na siglo ang kaliwanagang mula sa siyensiya. Kapansin-pansin din sa nahanap na mga batis sa pag-aaral na ito na ang gayong uri ng paglalakbay ang pinakamarami. At panghuli, umaayon din sa kronolohikal na ayos ang pagkakaayos ng apat na tema.

Sapagkat ang nilalaman ng mga akda ay hindi nakapokus sa Ilog Pasig, hindi komprehensibo ang salaysay ng bawat isa hinggil rito. Samakatwid, pangunahin itong limitasyon ng mga batis na kinonsulta para sa sanaysay na ito. Magkagayunpaman, hindi maikakaila ang halaga ng mga datos tungkol sa katubigan na nakapaloob sa bawat pahina ng mga ito: pisikal na katangian, kalagayan ng tubig noon, at uri ng yumabong na kalinangan dito. At sa lahat ng primaryang batis na ito, pinakamaaga ang siyentipikong ekspedisyong ni Le Gentil.

Mga Batis Mula sa mga Siyentipikong Ekspedisyong

Ilog ng Manila: Sentro ng Kalakalang Panloob ng Kolonya

Isinulat ni Guillaume Joseph Hyacinthe Jean Baptiste Le Gentil de la Galasiere, *mathematician at physicist*, ang *A Voyage to the Indian Seas* noong

1779-1781 sa Pransya. Tila siya ang unang kilalang Pranses na dumalaw sa Pilipinas na sinundan ng iba pang kalahi sa mga sumunod na taon makaraan ang pagparito niya. Siya ang nagpasimula ng mahabang tradisyong Pranses ng pagbisita sa arkipelago. Nakapaloob si Le Gentil sa panahong ang mga Pranses ay masigla at masigasig sa mga pagtuklas sa agham at unibersalismo. Nilalaman ito ng kanyang akda, gayon din ang pagmamasid at pag-aaral sa mga katutubo na kaugnay naman ng mga kaisipan ni Jean Jacques Rousseau tungkol sa kabutihan ng tao na nabubuhay sa kanyang tunay na kapaligiran (Le Gentil, 1779-1881, ph. ix-x).

Ipinanganak si Le Gentil noong ika-12 ng Setyembre 1725 sa Constance, Pransya. Nagkaroon siya ng interes sa astronomiya sa impluwensya na rin ng bantog na astronomong si Joseph Nicolas Delisle. Nagpakadalubhasa siya sa *Academy of Science* noong 1753 at nakapaglimbag ng maraming pananaliksik (ph. x). Ang mga pag-aaral niyang ito ay patunay na may pangalan na si Le Gentil sa napili niyang larangan kaya't di katakatakang isa siya sa mga napiling ipadala sa siyentipikong misyon na masasaklaw ang Manila.

Kinalaunan, inatasan siya ng institusyon para maging parte ng grupong magmamatyag sa pagtawid ng Venus sa *disk* ng araw. Isasagawa nila ito sa iba't ibang lokasyon sa mundo, isa na ang India. May mga pangyayaring di-inaasahan kaya hindi niya natupad ang atas. Gayunpaman, nakiusap siya sa dalawang kaibigang nasa Manila na gawin ito. Nauwi sa publikasyon ang ulat kung saan pinasalamatan niya ang mga kaibigan sa malaking tulong na ginawa. Pinamagatang "*Study on the Passage of Venus on the Disk of the Sun*" ang artikulong lumabas sa *Journal dez Savants* (ph. x). Malaking bahagi ng kanyang buhay ang inialay niya sa propesyon hanggang sa pagpanaw niya noong ika-22 ng Oktubre 1792 (ph. ix-xi).

Sa kabanatang tumatalakay sa Manila, binanggit ni Le Gentil na ang kinatatayuan nito ay ang punto kung saan ang ilog ay naglalabas ng tubig patungo sa Manila Bay. Ang Ilog Pasig ay tinatawag ding Ilog ng Manila. Mainam ang lokasyon ng sentro na napaliligiran ng magandang bay, ilog, mga bukid, at ng lawa (ph. 71). Nagbigay rin siya ng estima ng sukat ng lalim ng Pasig at Manila Bay (ph. 71). Kitang-kita niya ang pagiging siyentipiko, partikular na sa eksaktong paglalarawan at pagpapaliwanag sa lokasyon ng Manila at ng ilog.

Sa opinyon ni Le Gentil, ang Laguna de Bay ang pinakamahalagang lawang matatagpuan sa kabuuan ng kapuluan. Naiipon dito ang mga tubig na nagbubuhay sa iba't ibang ilog. Nilalabasan ito ng Pasig na nagmumula

naman ang tubig limang legwa mula sa Manila (ph. 14). Kaugnay naman ng Manila Bay, bumababaw ito malapit sa bunganga ng ilog. Nasa gawing silangan ang marikit, malapad, at malalim na Pasig. Ang lokasyon ng bunganga nito ay nasa 14 *degrees* at 34 minuto Hilagang latitud. Sa pagtahak pataas sa ilog ay makararating sa isang malawak na lawa [Lawa ng Laguna] na halos pabilog ang hugis at lubhang malalim na may lapad na walo o siyam na legwa at ang gitna ay halos 500 talampakan ang lalim (ph. 71-72). Tinawag ni Le Gentil na Ilog ng Manila ang Pasig. Sa bahaging itinatapon nito ang tubig palabas sa bay ay may naitambak at namuong patag na *point* o *cape*. Sa puntong ito itinatag ang Siyudad ng Manila (ph. 71-72). Sa paningin ng Pranses ay maaring ito ang isa sa pinakakaaya-ayang pook sa mundo dahil sa magandang bay, ang Pasig, kabukiran, at ang lawa (ph. 72). Sa harap mismo ng moog itinatapon ng Ilog ng Manila ang tubig nito sa bay. Nagbubuo ang bunganga ng ilog ng *bar* na nagsisilbing harang naman sa pumapasok na mga barko. Gayunpaman, maari silang dumaong ng isang legwa mula sa sentro, malapit sa *bar*, kapag mabuti ang panahon kapag humihihip ang hanging galing hilaga at silangan. Napakainam na lugar nito para sa pagtigil ng barko (*anchorage*) (ph. 83-84).

Abalang ilog ang Pasig ayon sa deskripsyon ni Le Gentil. Dinarayo ng mga katutubo mula sa iba't ibang bayan ang Manila para sa kalakalan. Hindi lamang mga lalaki kundi pati kababaihan ay aktibong kalahok sa gawaing ekonomiko (ph. 83-84). Napuna rin ng awtor na ang mga tao ay nagkukumpulan sa tubig. Kung saan may ilog o dagat, doon matatagpuan ang malaking populasyon ng mga tao. Makikita sa mga dalampasigan ng dagat, lalo na sa pampang ng ilog, ang malaking bilang ng taong samasamang naninirahan. Sanhi ito ng pagkarami-raming isda sa katubigan. Pinaniniwalaang higit na dumami ang populasyon ng naninirahan sa Manila sa panahong ito kaysa noong wala pa ang mga Espanyol sa arkipelago (ph. 104). Tunay na kaiga-igaya para sa Pranses ang maglakad sa pampang ng Ilog ng Manila. Natatakpan ito ng mga malalaki at mumunting bangka at sampan na pagmamay-ari ng mga taong naninirahan sa paligid nito. Bitbit ng mga taong ito ang kani-kanilang mga produktong ang destinasyon ay ang Manila at mga arabal nito. Katuwang ng kalalakihan ang kababaihan sa pagpapatakbo ng mga bangka. Kapag kumati ang tubig, ang kababaihan ay sumusuong dito gaya ng ginagawa ng kalalakihan at tumutulog sa paghila ng bangka paahon sa buhanginan. Sinusuong nila ang gatuhod na lalim, magkaminsan ay kahit mas malalim pa, habang hawak ang palda upang hindi mabasa. Kung walang bangka ay balsang yari sa kawayan ang ginagamit ng ibang nagtutungo sa siyudad upang itinda ang kanilang mga prutas, saging, at mga gulay (ph. 83-84). Ayon kay Le Gentil, maaring sabihing nabubuhay ang mga taong ito sa tubig (ph. 84):

Their temperament is so well adapted to it that they are like so many fish, whose existence depends on that element. They bathe in every possible way, in all sorts of weather, and at every age. The old people of eighty bathe as freely as do the young people of fifteen or twenty. It is true that the north winds in Manila are cold for that climate, as I shall show in another article; nevertheless, the natives go into the water during that period of the year just the same as at any other. A European, who is ordinarily affected by the north wind, might become dangerously ill and even lose his life if he were to go in bathing while that wind is blowing; consequently the Spaniards choose the hot season for their bathing. For the natives all season are alike. This continual exercise in the water, together with the food the natives use, a food which is composed of nothing but rice and fish, doubtless contributes to the great fecundity of the women (ph. 84).

Ang masinsinang obserbasyon ng awtor sa itaas ay nagpapakitang mas uminog sa Manila kaysa sa iba pang parte ng kapuluan ang kanyang libro (ph. ix). Ang iba pang lugar na kanyang tinungo ay Mindanao at Jolo na mababasa sa talaan ng nilalaman. Magkagayunpaman, masasabing ang mga banyagang gaya niya ay walang ipinagkaiba sa mga Espanyol na ang atensyon ay nakasentro sa Manila.

Naiparating ng Pranses ang kaisipan na heograpikong lokasyon at katangian ng Pasig ay parte ng isang sistema ng katubigan. Ang pag-uugnay rin sa Pasig at sa Manila ay nagpapakitang ang katubigan at kalupaan ay may natural na dinamismo na imposibleng paghiwalayin, na pinatutunayan rin ng kasaysayan ng dalawa. Ang masiglang mga gawain sa ilog ay buhay na patunay na hindi pa man opisyal na sinisimulan ang pandaigdigang kalakalan noong ika-19 na dantaon, ang kalakalang panloob ay masigla at malaking elemento ng ekonomiyang kolonyal.

Sa paunang salita ng aklat, binanggit na magkakambal ang kolonyal na interes ng Pransya at ang masidhing pagtuklas nito sa agham (ph. ix). Sa kabuuang pagtatasa, ang gawa ni Le Gentil ay repleksyon ng kanyang pagiging siyentipiko at ng layunin nito sa paglalakbay. Kapansin-pansin na pangunahin niyang nirekord ang kapaligiran at likas na yaman ng Pilipinas na pangunahing paksa sa unang anim na kabanata ng kanyang aklat. Labas sa ika-19 na siglo ang akda ni Le Gentil ngunit ibinilang pa rin ito sa pag-aaral na ito sapagkat maaring siya ang kauna-unahang Pranses na pumunta sa Pilipinas na nagsagawa ng isang siyentipikong ekspedisyon na

magpapatuloy hanggang sa ika-19 na siglo. Lagi rin siyang babanggitin ng mga susunod na Pranses at iba pang dayuhang dadalaw sa bansa, tulad na lamang ni Mallat.

Ang Halagang Pangkabuhayan at Pangkalinangan ng Ilog Pasig

Ang *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania* ni Jean Baptiste Mallat ay orihinal na inilimbag noong 1846. Siya ay *Knight of the Legion of Honor*, kasapi ng *Geographical Society* at ng ilan pang siyentipikong samahan ng mga Pranses at iba pang mga dayuhan. Maituturing si Mallat na heograpo ng kanyang panahon, gayon din isang *amateur* na historyador, antropologo, ekonomista, atbp. (Larkin, 1986, 456). Walong taon siyang nanirahan sa Asya; ilan sa mga ito ay ginugol niya sa Pilipinas kung saan naglingkod siya bilang punong siruhano sa Ospital ng San Juan de Dios. Ipinrisinta niya ang sarili para makasama sa misyong Pranses na naglalayong humanap ng istasyon na magiging pahingahan at libangan ng hukbong pandagat ng Pransya habang naglalakbay sa karagatan sa Asya. Mindanao ang napiling tingnan ng grupo na muling bumuhay sa dati nang interes ng Pransya sa Pilipinas (Nardin, 2004, ph. 82). “Kakatwa” ang paglalarawan sa kanya ng nakasamang mga kapwa Pranses (ph. 82-83). Ayon pa sa aklat ni Nardin (2004), “*vain and ambitious... who knew how to get in good ministerial graces and had himself assigned to the Lagrene Mission as ‘officer of a special mission to Indochina’ among the Foreign Affairs attaches*” (ph. 82).

Nakita niya ang bentaheng maibibigay ng kapuluan sa Pransya kaugnay ng mga komersyal na interes nito sa Asya. Isa na ang maaring gampanan na malaking politikal na papel ng Pilipinas oras na magbukas ang mga daungan ng Tsina sa banyagang komersyo. Makikinabang din ang Pransya sa Pilipinas bilang pansamantalang hintuan ng mga barkong pangkalakalan nito (Mallat, 1846, ph. 517-520). At walang ibang daungan ang nasa isip ng awtor kundi ang daungan sa Ilog Pasig.

Kauna-unahan niyang napansin ay ang laki at lalim nito at ang paglalayag ng mga barkong di-karaniwan ang laki (ph. 62-63). Dumadaloy ang pangunahing sanga ng ilog sa mga estero at ilog ng Tondo, San Sebastian, Sampaloc, San Juan del Monte, Pasay, Santa Ana at Paco. Binabasa at dinidilig ng tubig ang kapaligiran ng Manila at pinatataba ang napakayamang lupa nito. Kung saan naroon ang tubig ng Pasig, naroon din ang mumunting mga tulay dahil na rin sa nakapaligid na mga kabahayan (ph. 113).

Tinalakay ni Mallat ang Pasig sa kabanatang nakapokus sa probinsya ng Laguna. Iniugnay niya ito sa Lawa ng Laguna na kapag umaapaw, ay ang Pasig ang inaagusan palabas. Anim na legwa ang haba nito at dumadaloy palabas ang tubig sa anim na bunganga ng Lawa ng Laguna. Bago naman ito lumabas sa dagat, sinasalo nito ang tubig mula sa mas mga maliliit na tubigan. Kasabay nito ay may mga sangang humihiwalay mula sa ilog (ph. 159-160). Isang palaisipan kay Mallat kung paanong ang iisang ilog na ito ay kayang mawala ang pag-apaw ng lawa, sa kabila ng mga tubig na nagbubuhat sa lahat ng ilog at batis na umaagos sa direksyon ng lawa. Malapad ang ibabaw ng Pasig pero kapag tag-init ay malaking bahagi ng tubig ang natutuyo (ph. 159-160).

Sa pamamagitan ng mga katubigan, namumuo ang ugnayan ng iba't ibang lalawigan bunsod ng komersyo. Madali ang komunikasyon dahil sa mga ilog at batis. Nakadaragdag sa sigla ng palitan ang mga katutubong ang kabahayan ay nasa pampang lamang ng mga katubigan. Tanging ang Manila lamang ang bukas na pantalan para sa pangkalahatang kalakalan at sentro rin ng komersyong pambaybay-dagat (*coastwise trade*). Lahat ng mga produktong ibinibiyaha mapalupa o mapatubig man sa Pilipinas ay dito lamang bumabagsak sa pamamagitan ng Ilog Pasig (ph. 478).

One could not imagine a spectacle more picturesque and more animated than that of the magnificent river of Pasig, flowing into an immense bay 65 miles in circumference and serving as link of communication with all province of Luzonia. This river is ceaselessly furrowed by innumerable pontoons, galeras, caracoas, and pancos, arriving from all points of the archipelago, or leaving to go there, while other small boats, guilalos and bancas, bring to the market of the capital, daily provisions needed by the inhabitants. (ph. 478)

Inulat din ni Mallat na napakayaman nito sa mga isda. Sa pangkalahatan (ph. 159-160),

Fish abounds in the sea, the lakes and the rivers to such a point that the native has to fish for only a few instant to provide him food for the day, and it often happens that all that the father of the family has to do is to get into the river which flows below his little bahay or house, to obtain a provision sufficient for the food of the whole family. We shall cite, among the great number of fishes, those which are particular to the country, such as the guitan, the corbina, the apajap, the lisse, the bagre, the bia, the jito, the

bodadulces, the saramolletes, small delicate fish. There are found loubines, skates (or rays) soles, sea-eels, a species of cold fish, sardinas, sape-sapes and many others more or less useful. Besides all these fishes, there is one whose flesh gives very sound nutrition and is the common food of the natives; it is the dalac; it is found abundantly in the lakes, the rivers, the marshes and even, during the season of rains, in the ricefields called cimenteras, a word which several authors have improperly given as cemeteries.

One includes among the crustaceans, the big and small lobsters, crabs of all kinds, the shrimps. The immense quantity of small shrimps which are caught around Manila is unimaginable; the natives leave them in piles with the sole aim of making them rot so that they may be sold as fertilizer for the betel plantations, to which they give much pungency and aroma. (ph. 100)

Itinuring ni Mallat na isa ang Pasig sa pinakamasagana sa isda sa kabuuan ng Luzon. Napakaganda ng uri ng isdang nahuhuli rito. Maraming lamang dagat ang nakukuha upang ipakain sa mga bibeng inaalagaan sa Pateros (ph. 160).

Inilahad rin ng awtor ang pangingsda ng mga katutubo, isang gawaing kumakain ng kanilang oras (ph. 302). Bilang isang dayuhan, nagulat siya nang makitang ilang araw na buong maghapon nangingisda ang isang babae. Hawak niya ang isang tali, di alintana ang matinding sikat ng araw kahit salakot lamang ang panangga nito. Maliwanag man o madilim, nanghuhuli rin ang mga kalalakihan ng mga hipon at alimango. Kumati na ang ilog hanggang baywang kapag lumulusong ang mga ito. Negosyo para sa iba ang pangingsda na marubdob nilang ginagawa. Malaki ang kinikita nila lalo na kapag Mahal na Araw. Gumagamit sila ng *corrales* na yari sa kawayan at ng *chinchorro*. Hindi nagmimintis ng isang araw na nakakapag-uwi sila ng mga bangkang puno ng iba't ibang klase ng isda (ph. 302).

Kabilang sa yamang-tubig ang mga buwayang naglipana sa mga look, lawa, at ilog, lalo na sa Laguna de Bay [na kakabit ang Ilog Pasig] na gustung-gusto ng mga ito dahil sa pagiging ilang nito. Minsan ay hinahabol ng mga ito ang mga naliligo hanggang sa pampang. Napakamapanganib ngunit hindi kinatatakutan ng mga katutubo ang mga ito (ph. 101):

The Indians have no fear plunging down to the depths of the sea in order to attack the alligator; they carry in one hand a sharp weapon, and in the other a staff

made of hard wood, pointed at both ends, they look for it then, seizing the moment when it is ready to snap their teeth at them, they then thrust the stake perpendicularly and with force inside its mouth, which the obstacle holds open; then with the right hand they strike him vigorously. The water which it swallows in the meantime helps them to become soon masters of the situation. (ph. 101)

Maliban sa panganib na nabanggit sa mga unang sipi, may problema rin pag tag-ulan dahil umaapaw ang mga ilog. Pinalalala ito ng pag-apaw rin ng lawa. Hindi lamang iisa ang labasan ng tubig nito papunta sa dagat sa pamamagitan ng Pasig, subalit kumakapal ang buhanging nagiging balakid sa bukana ng mga ito. Malalim ang ilog at madali sanang madaanan ng barko kundi dahil sa tulay nitong humahadlang sa pagpasok ng matataas na barko. Labing-anim na talampakan ang lalim ng pulong buhangin nito na inabutan ng awtor na hinuhukay sa pamamagitan ng makinang de singaw lulan ng isang bangka (ph. 159-160).

Hindi ito nakabawas sa paghanga ni Mallat sa likas na karikitan ng Pasig na dinagdagan ng mga naggagandahang kabahayang nakalinya rito. Nangingibabaw ang bighani at ringal nito. Nangagkalat sa luntiang pampang ang katutubong mga dampa at maliliit na mga tindahang tinatawag na *calinderia* [o karinderya]. Sa mga tindahang ito nakapagpapahinga at nakapagmemeryenda ang mga katutubo sa lilim ng mga puno ng kawayan. *“The farther one goes along the river banks, elegant country houses and numerous stores, various warehouses announce that the capital is near”* (ph. 160). Isa pang uri ng istrukturang itinatayo kanugnog ng ilog ay mga pabrika, na noong panahon ni Mallat ay pabrika ng sigarilyo. Nasa Arroceros ito na naglalaman ng 280 na mesa at may 2, 800 na manggagawa. Karaniwang sigarilyo ang ginagawa nila para sa lokal na konsumo (ph. 261).

Dahil malapit lamang ang ilog, karaniwang namamataan ang paliligo rito ng mga taong naninirahan sa tabi nito. Ang pang-araw-araw na gawaing ito ay lubhang pinahahalagahan ng halos lahat, katutubo man o hindi, basta nakatira sa tabing-ilog. Bawat bahay ay may maliit na dampang gawa sa kawayan kung saan may tumatakbong tubig para sa paliligo. May iba namang puwedeng ipalipat-lipat ang silid-paliguang nakalagay sa bangka. Sa mga araw na libre ay makikita ang mga lalake, babae, at mga bata na rumaratsada patakbo sa tubig nang nasasaplutan ang kalahati ng katawan. Magkasamang naliligo ang lalake at babae. Pinananatili ng kalalakihan ang disenteng pagsusuot ng pantalon. *“Well-to-do whites have huts along rivers where they have no difficulty bathing with persons close to them,*

however numerous." May angking yumi ang kababaihang makapal ang buhok at natatakpan ng tapis ang katawan (ph. 303). Ang maglunoy sa tubig ang pinakakalugud-lugod na bagay sa kababaihan base sa naobserbahan ni Mallat (ph. 345):

Living in the water is the greatest pleasure of Philippine women: they all know how to swim perfectly; dressed in their short red shirt covered with their tapis (they produced the best swimmers in Europe their long thick hair on their back), they cross the Pasig river with the greatest facility. Hardly has one left the bath, or even while still at it, when they set to eating fruits, especially mangoes, and at the same time an Indio or an Indio woman wipes the bather's feet and body and presents him with a white clothing, made of one of those native cloths so suitable for conserving the freshness of the bath. (ph. 345)

May natatanging aktibidad ring ginaganap sa ilog may kinalaman sa alamat ni San Nicolas. Isang pista ang idinaraos para sa araw ng santo, isa sa pinakamalaking selebrasyon ng mga bayan sa may ilog. Pinagkakagastusan nang malaki ang lumulutang na mga pagoda na tadtad ng palamuti. Sakay nito ay tumutungo ang mga nakikidiwang sa monasteryo ni San Nicolas sa pampang ng Pasig, sa itaas ng Santa Ana. Inaalala sa malaking araw ng pagdiriwang ang himalang nangyari sa isang Tsino. Nanganganib ang kanyang buhay sa isang buwayang humahabol sa kanya nang magsumamo siyang iligtas ni San Nicolas. Naging bato ang ampibyong na inabutan pa ni Mallat kalapit ng maliit na guhong kapilya. Dito dumarayo taun-taon para sa selebrasyon. Pagbalik ng Manila, naiilawan na ang sinasakyang mga pagoda. Malugod na mag-iinuman at magsisikain ang mga nakikidiwang. Lahat ay magiliw na tinatanggap. Manakanaka ring nagpapalabas ng komedyang Tsino (ph. 339-340).

Ramdam din ang presensya ng dayuhang tulad ni Mallat sa Pasig. Karamihan ay mga Ingles at Amerikanong nananahan sa arabal ng Binondo. Para silang nasa sariling bansa kung mamuhay. Malalaki ang tirahan nila sa Binondo, mahangin, at ayon sa kanilang panlasa ang mga kagamitan at kasangkapangambahay (ph. 350).

Sa kabuuan, mula Luzon hanggang Mindanao ay nasaklaw ng akda ni Mallat. Subalit, marami pa ring bahagi ng kapuluan ang hindi naisama. Higit ding nakapokus ang libro sa aspektong politikal, relihiyoso, pangkomersyo, at panlipunan ng Manila. Nagawa rin ng awtor na itala ang mga hayop na nabubuhay sa lupa at tubig. Binanggit din ni Mallat ang mga

ilog at dagat, pagkakaugnay ng mga ito, kayamanang taglay, at kahalagahan ng mga ito sa buhay ng mga naninirahan. Sa pagkakaayos ng aklat, halatang mas binigyang-importansya ni Mallat ang heograpiya at mga likas na yaman ng Pilipinas. Sinasalamin nito ang kanyang interes bilang miyembro ng mga organisasyong nabanggit sa itaas, at layunin sa pagtapak at paglibot dito. Matingkad sa aklat ang paggamit sa siyensiya at pagsusulat para sa pagsusulong ng politikal at ekonomikong interes ng mga bansang Europeo gaya ng Pransya.

Mas detalyado ang salaysay ni Mallat hinggil sa Ilog Pasig kung ihahambing kay Le Gentil. Kung ang huli ay halagang ekonomiko ang naging pagtalakay sa katubigan, nailahad naman ng una ang importansya nito sa kalinangan. Gayon din, sa panahon ni Mallat ay nahaluan na ang demograpiya ng Manila ng mga Ingles at Amerikanong residente na piniling manahan kalapit ng ilog. Bagaman inilahad niya ang aspektong pangkabuhayan at pangkalinangan ng Pasig, gayon din ang demograpiya nito, sentral pa rin ang pangkabuhayan sa kanyang libro. Litaw na litaw ito sa detalyadong pagbanggit niya sa yamang nakatago sa kailaliman ng Pasig at ng iba pang anyong-tubig. At kung paanong ang yamang ito ay napakikinabangan sa pamamagitan ng mga industriya o kabuhayang nakasandal sa yamang ito.

Sa akda ni Mallat, naipakilala ang angking kariktan, yaman, at maging ang panganib sa Pasig. Ito ay ilog na nag-aanyaya sa tao upang lubos na makinabang sa kasaganahang pangako nito. Subalit, ito rin ang parehong ilog na kung ang isa ay malingat, maaring masilat ang isang paa sa matinding kapahamakan. Ang susunod na akda ay may kinalaman din sa magkasalungat na mukha at mga katangian ng Pasig.

Pang-araw-araw na Buhay sa Pasig

Kinikilala ang *Travels in the Philippines* ni Fedor Jagor (1873) bilang batis na nagtataglay ng pinakamakaagham at pinakamahusay na pananaw sa mga akdang naisulat ng mga banyagang manlalakbay sa Pilipinas noong ika-19 na siglo. Siya ang kauna-unahang Aleman na naglarawan sa Pilipinas nang walang bahid ng di-makatarungang relihiyoso o politikal na paghusga kundi siyensiya kung kaya't mataas ang papuring natanggap ng aklat niyang ito. Labis ang papuri rito ni Trinidad H. Pardo de Tavera. Makailang ulit din itong inilimbag sa iba't ibang wika, gaya ng Espanyol at Ingles (Jagor, 1873, ph. ix).

Bakit nga ba walang bahid ng relihiyon ang akda ni Jagor? Masasagot ito ng katotohanang ang Alemanya ng ika-19 na siglo ay wala nang pakialam sa relihiyon bunga ng paglakas ng agham (Berend, 2013, ph. 92). Bilang patunay, ang mga Aleman ay matagal nang nagsasagawa ng mga paglalakbay tulak ng dedikasyon sa agham (Boomgaard, 2013, ph. 14). Gayon din naman, ang mga paglalakbay ay nagreresulta rin sa pagsulong sa agham (Berend, 2013, ph. 92). At ang buhay ni Jagor ay buhay na patunay nito.

Isinilang si Jagor noong 1818 sa Berlin, Alemanya. Nahumaling siya sa etnolohiya nang siya ay nasa Paris. Narinig niya ang mga talakayan tungkol sa mga taong naninirahan sa mga pulu-pulo sa Pasipiko. Napukaw ang interes niyang pag-aralan ang mga Malayo, partikular ang mga Pilipino. May mga Europeong nauna nang nag-aral tungkol sa mga Malayo, subalit wala pang iskolar ang may personal na kaalaman tungkol sa mga Malayo sa Pilipinas. At ito ang inatupag ni Jagor (ph. xvii-xviii). Ang sariling dedikasyon sa larangang pinili at masidhing pagnanais na aralin ang grupo sa Pilipinas ang paliwanag kung bakit siya dumating rito. Marso 1859 nang makatapak siya sa Manila. Dalawang taon siyang tumigil rito at kauna-unahang indibidwal na nagbigay ng malalim na pagsusuri sa kolonya (ph. xvii-xviii). Pinag-aralan sa Europa ang mga resulta ng kanyang pananaliksik. Natatangi ang kanyang akda sapagkat nang mga panahong ito, wala pang paninindigan ang etnolohiya na labanan ang maling akala o hindi makatarungang paghusga. Ang naiuwi niyang mga koleksyon mula sa mga eksplorasyon ay nasa pangangalaga ng *Berlin Ethnographical Museum*. Noong 1900 ay namaalam ang etnologo dahil sa pulmonya (ph. xviii).

Sa pagbalik-tanaw sa pagdalaw ni Jagor sa Pilipinas, at sa kanyang isinulat, inilarawan niya ang matagal na paghihintay at mahigpit na pagpapapasok sa pantalan. Nasilayan niya ang tubig ng Pasig, tangay-tangay ang banlik (*sediment*) dahil tag-ulan. Di-biro ang daming inaanod at itinatambak nito sa dike (*breakwater*) dahil tila permanente nang nasa tubig ang makinang panghukay upang tanggalin ang tila barang banlik (Jagor, 1873, ph. 7-8). May lumulutang na patay na aso at pusang napaiikutan ng damo na mistulang repolyo-letsugas. Madalas ding natatakpan ng berdeng pusali (*scum*) ang tubig ng Pasig. Kapag tag-init, hindi naman dumadaloy ang maraming estero ng mga arabal. Ganito rin ang mga kanal na nakapalibot sa kapital sa tuwing mababa ang pag-agos ng tubig (ph. 18). Sa deskripsiyong ito ni Jagor, lumalabas na nag-uumpisa na ang polusyon sa ilog.

Inilarawan ni Jagor ang tanawin sa Pasig sa panahon ng hanging amihang may dala pa ring pag-ulan. Lahat ng barkong mas magaan sa 300 tonelada ang bigat ay dumaraan sa dike (*breakwater*) at pumapasok sa ilog

hanggang sa abot ng tulay., Nakahanay rito ang mga sasakyang-pandagat mula sa pampang hanggang sa gitna ng ilog (ph. 7). Sa mangilan-ngilang sasakyang pandagat sa punduhan, kapansin-pansin ang mga banyagang uri ng mga ito (ph. 7). Maaring ipalagay na ang katumalan sa pagpasok ng mga barko sa kapuluan ay dahil sa tanging ang Manila lamang ang may bukas na pantalan para sa komersyo sa mga dayuhang bansa ngunit noong 1855 ay binuksan ang apat pang mga daungan (ph. 7).

Ang mga banyagang gaya ni Jagor ay namamalagi sa hilagang direksyon ng Pasig kung nasaan ang Binondo (ph. 16). Dito niya nasilayan ang ganda ng Pasig (ph. 29), ang samu't saring aktibidad na nagaganap dito mula sa paliligo, pagsalok ng tubig, at pagsuong ng kalabaw habang may batang nakasakay sa likod nito (ph. 31). Tanaw mula sa ilog ang mabababang dampang gawa sa kahoy, at ang iba pang mga kabahayan tulad ng bahay kubo na nayuyungyungan ng luntiang mga sanga't halamang namumulaklak. Kaaya-ayang panoorin ang mga ito kasama ang puno ng bunga (*areca palm*) at nagtatangkarang punong kawayan sa pampang ng Pasig. May mga pagkakataong ang mga bakod ay umaabot at sinasaklaw na ang mismong tubig tulad na lamang ng *duckgrounds* at mga paliguan. Tadtad ang baybay ng pampang ng mga bangka, lambat, balsa, at iba pang kagamitan sa pangingsda. Malayang lumulutang sa ilog ang mabibigat na kargadang mga sakayan. Paroo't parito ang maliliit na mga bangka sa magkabilang dalampasigan sa pagitan ng mga grupong naliligo (ph. 29). Para kay Jagor:

The most lively traffic is to be seen in the tiendas, large sheds, corresponding to the Javanese varongs, which open up the river, the great channel for traffic. They are a source of great attraction to the passing sailors, who resort to them for eating, drinking, and other convivialities; and while away the time there in gambling, betel chewing, and smoking with idle companions of both sexes. (ph. 29)

Panoorin din ang gaya nito:

Sometimes an Indian may be seen floating down the stream asleep on a heap of coconuts. If the nuts run ashore, the sleeper rouses himself, pushes off with a long bamboo, and contentedly relapses into slumber, as his eccentric raft regains the current of the river. One cut of his bolo-knife easily detaches sufficient of the husk of the nuts to allow of their being fastened together; in this way a kind of wreath is formed which encircles and holds together the loose nuts piled up in the middle. (ph. 29, 31)

Kapansin-pansing halos lahat ng tirahan ay nasa baybay ng ilog. Likas na punong lansangan (*highway*) ang ilog na nagpapangyaring maibiyahang mga kargo sa paanan ng bundok. Nakapatong sa mga poste ang mga kubo. Marami rito ay nakakalat sa pampang lalo na sa bunganga ng ilog. Tumpak ang lokasyon ng kabahayan sapagkat ang ilog ang pinakasentro ng aktibidad at pinakaakmang dako para sa pagpupursigang makamit ang hilig o trabaho. Bawat agos ay naghahatid ng masaganang isda. Kapag kumati, ang tubig ang mga babae at bata ay namumulot ng mga susong dagat. Gamay nilang gamitin ang paa sa gawaing ito pati sa pagkuha ng mga *sand crab* at halamang-dagat (ph. 31).

Malapit sa ilog masagana ring tumutubo ang puno ng buko. Halos lahat ng pangangailangan ng mga katutubo ay natutustusan nito: mula pagkain, inumin, materyales sa paggawa ng kubo at iba pang mga bagay. Kusang namumunga nang marami ang puno ng bukong tumubo kanugnog ng pampang kahit sabihin pang hindi ganoon kataba ang lupa. Katabi ng mga puno ng buko ang pumpon ng bansot na mga palma ng nipa na nananagana sa tubig-alat. Ang mga dahon nito ang pinakamainam na gamitin sa bubong na pawid. Ginagawang asukal, *brandy*, at suka ang katas nito. Madalas ding makitang tumutubo ang puno ng pandan sa tabi ng dalampasigan. Dito naman nagmumula ang pinakamalalambot na nilalang banig. Puro palayan ang masusumpungang panorama sa looban. Taun-taon ay napapalitan ito ng bagong sapin ng matabang lupang tangay ng ilog pababa sa kabundukan. Naikakalat ang lupa sa pag-apaw ng ilog na ang positibong resulta ay kawalan ng pangangailangan at gastos sa pataba. Kalabaw ang kinalulugdang alagaan ng mga katutubo lalo na para sa pagsasaka. Gustung-gusto nitong maglunoy sa putikan at akma sa pagtatrabaho kung madalas sa tubigan. Marami ring punong kawayan na mayayabong ang dahon ang lumalaki sa tabi ng mga kubong nasa palayan sa baybay ng ilog (ph. 31-32).

Kung susuriin ang buong aklat, hindi gaanong nagpokus si Jagor sa buhay sa Manila. Mas marami siyang naisulat hinggil sa malaking bahagi ng Luzon at Visayas sapagkat higit siyang lumibot sa mga ito. Hindi niya narating ang Mindanao kung kaya't hindi niya ito nabanggit. Kung kaya't ang isang dayuhang nakabasa ng libro ay magkakaroon ng impresyon na ang bumubuo sa Pilipinas ay ang dalawang pulo lang. Itinampok din ang mga likas na yaman sa bawat lalawigan tulad ng kakaw, abaka, atbp.

Para sa isang dayuhang sa kauna-unahang pagkakataon ay tatapak sa Pilipinas, imposibleng hindi agad rumehistro ang Pasig partikular sa karanasan ni Jagor sapagkat ito ang nagsisilbing pintuan ng kolonya para sa

mga tulad niya. Dulot nito, hindi rin nakaligtas sa mapanuring mga mata ng Aleman ang mga unang estado ng nababawasang kalinisan ng katawang-tubig. Ang nakalulungkot bagaman mahalagang obserbasyong ito ang isang ipinagkaiba ng kanyang isinulat kina Le Gentil at Mallat.

Sa karanasan ni Jagor, ang paglalakbay sa ilog ay pagsilip sa klase ng buhay sa interyor ng bansa na naitala niya nang malinaw at mayaman sa mga partikularidad. Isiniwalat rin ng siyentipiko ang dalawang magkasalungat na karanasan at kahulugan ng Pasig para sa mga banyaga at para sa mga katutubo. Para sa una, isang makupad na sistema at kulang sa siglang komersyo ang nasilayan niya sa katubigan nito. Para naman sa huli, ang ilog ay buhay; dito umiikot ang maraming aspekto ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga nananahan sa tabi nito. Dito nagtatagpo ang iba't ibang indibidwal, mapabata o matanda man. Isang buhay na komunidad sa tubig ang nabubuo sa iba't ibang senaryong makikita na sabay-sabay nagaganap. Mukha ng may-kalayaang buhay katutubo sa ilalim ng kolonyal na pamamahala ang mamamalas sa Pasig, na lalabas din sa sinulat ni Marche.

Paglalakbay, Pamamangka, at mga Namamangka sa Pasig

Ang *Luzon and Palawan* ni Antoine-Alfred Marche ay produkto ng ilang taong paninirahan niya sa Pilipinas: mula 1879 hanggang 1881, at mula 1883 hanggang 1885. Inilimbag ang kanyang aklat noong 1887 sa Paris. Pumarito siya para sa etnograpiyong misyon na bahagi ng tinuturing na malaking siyentipikong pagpupunyagi noong ika-19 na dantaon sa kasaysayan ng Pilipinas. Hindi lamang larangan ng etnograpiya ang saklaw ng kanyang misyon kundi pati *zoology, botany, mineralogy*, atbp. na itinakda ng *Ministry of Public Instruction (and Fine Arts)* (Marche, 1887, ph. xiii-xv).

Isinilang si Marche, isang *naturalist*, noong 1844 sa Bolougne, Pransya. Matunog na ang kanyang pangalan bago pa tumuntong sa Pilipinas. Sa katunayan, napabilang na siya sa mga unang eksplorasyon sa Aprika bilang *naturalist*. Bunsod ng positibong reaksyon ng mga awtoridad ng Paris sa resulta ng kanyang eksplorasyon, isa na namang misyon ang ipinagkatiwala sa kanya na sa pagkakataong ito ay sa Pilipinas noong 1879 (ph. xiii). Bago pa man maibigay sa kanya ang misyon, matagal nang naglalaro sa isipan ni Marche ang planong puntahan ang kolonya; mas maaga pa sa isinagawa niyang mga misyon sa Aprika. Paliwanag niya, "*the Philippines is still new and not well known, and I know that after my trip, I shall leave a great deal to reap*" (ph. 1). Kapag natapos ang kanyang paglalakbay rito, kumpiyansa siyang marami siyang impormasyong mabibitbit (ph. 1) pabalik ng Pransya. Nagkatotoo ito nang makapag-uwi siya ng libu-libong

artifact sa mga museo sa Paris bilang resulta ng paglilibot sa arkipelago (ph. xiv). Bukod rito, nakapaglimbag din siya ng mga publikasyon tungkol sa kapuluan. Ilan sa mga ito ay: “*Report on the Island of Paragua* noong 1893 at “*Report on the Calamianes archipelago*” noong 1884. Paglipas ng apat na taon, binawian siya ng buhay noong 1898 sa Paris, taong ang Pilipinas ay napipinto nang mapasakamay ng Amerika (ph. xviii).

Patungkol sa Pasig, may ibang panooring natanaw ang Pranses mula sa ilog. May malaking pagkakaiba ang magkakatabing istruktura. May eleganteng modernong bahay na may balkonahe at hardin. Kasunod nito ay katutubong dampang nakausli sa tubig at madalas ay gigiray-giray na. Abot-tanaw rin ang nakatayong palasyo ng gobernador (ph. 138).

Habang ang pamasaha ng mga mestisong Tsino at katutubo ay 4 reales (2 francs 50), ang mga siyentipiko at mga Europeo ay nagbabayad ng 4 piastres (20 francs) sa mga bangkang lulan sila. (ph. 66). Nang gabing maglakbay sila ng mga kapwa Pranses patungong Jala-Jala ay nahumaling siya sa ganda ng pampang ng ilog lalo na sa bahaging may makakapal na mga kawayang nakatanim. Naglalaro sa 20 hanggang 30 metro ang taas ng mga ito at di-mabilang ang gamit mula sa konstruksyong pambahay hanggang sa panggawa ng mga kubyertos (ph. 38). Nang muli silang maglakbay, nasilayan ni Marche ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao sa tabi ng ilog. Nakita niyang maganda ang lupa at marami ang naninirahan. Nakasalubong nila ang mga bangka at kaskong walang ibang sadya kundi Manila. Bitbit ng mga ito ang mga bagay tulad ng tubig na maiinom na nakaimbak sa malaking banga, at bungkos ng sakate na dala ng sakatero. May iba namang ang sakay ay mga labandero at mga namamasyal. Isang bagay ang napansin ni Marche sa halos lahat ng sakayan: may isang manok na nakatuntong sa harapan nito. Hindi niya napigilang ikomento na ang mapahiwalay sa alagang ito ay isang bagay na mahirap gawin para sa mga lalakeng katutubo (ph. 65). Inilahad rin ng manlalakbay ang tungkol sa mga karinderyang (ph. 66) binanggit din ni Mallat sa itaas. Inilarawan ito ni Marche bilang “restawrang Tagalog” para sa mga marino at mamamangka ng ilog na gustung-gustong tumigil rito. Ilang oras silang nagtatagal rito habang aliw na aliw sa pagnguya ng buyo at sinasabayan din ng pag-inom (ph. 66). Paliwanag ni Marche, bihirang malasing ang mga Tagalog. Dito rin sila kumakain ng kanin na tinambalan ng pinatuyong isda. Hindi rin sila aalis sa lugar hangga’t gusto pa nila, himas-himas ang hawak na tandang (ph. 66).

Nagawi si Marche sa Pateros, na siyang pinakamaliit na *pueblo* sa tabing-ilog ngunit siyang may pinakamalaking negosyo ng pag-aalaga ng

bibe na kanilang sinusuplay. Mga Tsino ang nagpapatakbo ng kabuhayang ito. Nakapuwesto ang mga bibe sa parte kung saan ang tubig ng mga maliliit na ilog ay umaagos sa Pasig. Nagkalat ang mga kubol rito at may libis (*slope*) na nahaharangan ng kawayang sinasaklaw pati ang tubig. Makapal ang bilang ng mga bibeng namumutiktik at umiirit (*screech*) sa masidhing paligsahan. Moluskong nakukuha mula sa ilog ang bumubuhay sa kanila. Matatanaw ang di mabilang na mga bangkang ginagamit sa panghuhuli ng molusko. Gamit niya ang mahabang kalaykay na may lambat sa dulo para sudsudin (*scrape*) ang ilalim ng ilog sa paghahanap ng masustansyang moluskong pagkain ng mga bibe (ph. 139).

Naikuwento rin sa siyentipiko ang alamat ni San Nicolas na nagtayo ng kapilya sa dako kung saan naganap ang pagkakaligtas sa Tsino mula sa buwayang nais siyang lapain. Ito ay naging panata ng Tsino kapalit ng nangyaring milagrosong pagkakasalba sa kanya (ph. 66).

Maraming impormasyong nakalap si Marche na sumasalamin sa lawak ng misyong tinupad niya at sa mga paglalakbay mula Luzon hanggang Sulu. Pangunahin dito ang pagrerekord ng mga likas na yaman. Halimbawa ay ang bulaklak ng ilang-ilang na isang klase ng pabangong pambabae sa Paris at nagkakahalaga ng 500 *francs* kada kilo (ph. 156). Kung ihahambing sa ibang akda ng mga kapwa Pranses at ibang mga banyaga, hindi nakasentro sa Manila ang akda niyang ito. Higit na nagkainteres siyang magtala tungkol sa mga bayan sa labas ng lungsod kung saan maaring ipalagay na mas kaunti ang mga tao at mas masagana ang samu't saring likas na yaman.

Tatlo ang mapupulot na mahahalagang kaisipan tungkol sa Pasig mula sa gawa ni Marche. Una, ang pamamangka sa ilog ay sumasalamin sa papel ng lahi sa takbo ng sistemang kolonyal. Ikalawa, ang Pasig bilang sentro ng komersyong panloob at panlabas ng Pilipinas. At ikatlo, ang katawang-tubig ang bumubuhay sa iba pang likas na yamang pinakikinabangan nang malaki ng mga Pilipino sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Nagbigay-diin ang iniwang mga batis ng mga siyentipikong sina Le Gentil, Mallat, Jagor at Marche sa ekonomikal at pangkalinangang importansya ng Ilog Pasig sa lahat ng uri ng tao sa kolonya. Napakaimportante rin nito sa transportasyon at komunikasyon, lalo na sa pagitan ng Manila at ng iba't ibang mga bayang malapit at malayo ang distansya mula rito. Ang sumusunod na seksyon ay tatalakay sa sinulat ng isang Amerikanong may posisyon na nadestino sa Pasipiko.

Batis Mula sa Opisyal na Pagbisita

Ang Bangka sa Pasig

Si Charles Samuel Stewart ay isang Amerikanong paring-militar ng *United States Naval Services* na sakay ng *Vincennes* (Stewart, 1832, ph. ix). Inaplayan niya ang posisyong ito na kinalaunan ay nagdala sa kanya sa Pilipinas (ph. vii). Mahihinuha ang ilang kadahilanan kung bakit siya napabilang sa misyon. Una, naipadala na siya sa ibang lupain at nagampanan nang maayos ang atas sa kanya (Kelley, 2008); at ikalawa, may kaalaman at karanasan na siya sa karagatan at sa pakikisama sa mga mandaragat (Stewart, 1832, ph. vii).

Ikinuwento ng awtor ang iba't ibang kapuluang napuntahan niya sa Pasipiko (ph. x), kabilang na ang Pilipinas. Iniulat niya at ng kasamang kumander ng barko ang kanilang mga nakita sa kanilang mga paglalakbay (ph. x). Sa huli, ang isinumite niyang ulat ay nauwi sa pagkakalimbag para mabasa ng publiko (ph. xi).

Isinilang si Stewart noong 1795 sa Flemington, New Jersey. Nagtapos siya sa *Princeton Theological Seminary* at naordenahan sa pagkapari noong 1821. Nadestino siya sa Hawaii noong 1823 bilang tagapangunang Protestanteng pastor dito at nagbalik noong 1829 lulan ng *Vincennes*, kaunahang sasakyang hukbong pandagat ng Amerika na lumibot sa mundo. Hanggang 1830 ay kasapi siya ng misyon. Binawian siya ng buhay noong 1870 (Kelley, 2008).

Mula sa perspektibo ng ilog ay inilarawan niya ang pagkakahati ng Manila sa dalawa. Sa isang banda ay matutunghayan ang mga istrukturang Espanyol gaya ng tore at simbahan, habang sa kabila ng ilog ay “walang makikita” kundi bahay ng mga karaniwang tao. Nasilayan niya ang Pasig na sandamakmak ang mga barkong nakapila sa pantalan at mga bangkang nagsisipaglayag sa iba't ibang direksyon (ph. 300-301).

Detalyado rin niyang inilarawan ang karanasan sa pagsakay ng bangka. Upang maging komportable ang paglalakbay, dalawang tao ang isinasakay sa pampasaherong bangka. Nasasapinan ng banig ang tiyan ng bangka para maaring iunat ang buong katawan ng naglalakbay. May unan ding patungan ng ulo para matanaw ang pampang ng Pasig at ang tanawin (ph. 311-312). Inilarawan niya rin ang pagkakayari ng bangka. Isang troso lamang ang ginagamit sa paggawa nito. Ang dalawang katig ang siyang pinakaimportante sa mga galamay (*appendage*) nito. Gawa ang mga ito sa

malalaking kawayang magkatapat at nakagapos sa magkabilang panig ng bangka. Nagbibigay ang mga katig ng magandang paglutang ng bangka kung kaya't halos imposible itong bumaligtad habang nasa katubigan. Samantala, ang dagdag na kurbadong bubong ng mga sapin ng bangka ay napakahalaga rin para sa klimang tropikal ng Pilipinas. Matibay ang pagkakasalpak nito at suportado sa mga gilid ng mga *stanchion* na puwedeng itaas o ibaba. Pananggalang ang bubong mula sa araw, ulan, at hamog at nagbibigay rin ng maayos na pagpapahinga para sa manlalakbay. Gawa naman sa biniyak na kawayan ang magkakadikit na sahig ng bangka na nakataling mahigpit. Miminsan lamang ang pagpasok ng tubig mula sa ilalim nito. Nagsisilbi ring plataporma ang sahig para sa pag-upo o paghilata. Dalawang katutubo (ph. 311-312),

...one in the prow and the other in the stern, furnished with paddles, oars, and setting poles — with which they varied and relieved the labor of working the boat - - managed it with great skill: and by taking advantage of the eddies and counter currents, first along one shore and then the other, propelled us up the stream of a rapid river, with much greater speed than would be supposed, without ocular inspection. (ph. 312)

Marikit ang Pasig para kay Stewart (ph. 312). Kapareho ito ng deskripsyon ng mga kapwa banyagang naglarawan dito. Hindi nakaligtas sa paningin ni Stewart ang sadyang paglapit ng mga katutubo sa ilog kung saan tinutumbok ng hagdanang bato ng bawat kabahayan ang direksyon nito. Umaabot ang huling hakbang ng hagdan sa ilalim ng tubig na nagsisilbing platapormang inuupuan o tinatayuan kapag naliligo ang mga katutubo (ph. 312-313). Maliban sa paliligo, nakita rin ng awtor ang mga abalang asawang babae sa paghahanda ng manok at gulay para sa hapunan, o sa paglilinis ng mga kubyertos at pinggan (ph. 312-313). Nasiyahan si Stewart sa kasaganahan at ganda ng tanawing nakita niya na pawang bago sa kanyang paningin (ph. 313).

Makahulugan ang katotohanang nakapasok si Stewart sa Pilipinas sakay ng barko sa ilalim ng bandilang Amerikano. Sa panahong ito, umaasta ng kapangyarihang kolonyal ang Estados Unidos. Lumalabas ding hindi karaniwang misyonero si Stewart. Kabilang din siya sa puwersang-militar ng Amerika. Ang pamamaraang ito ng pagpapadala ng relihiyosong personalidad ay matagal nang istilo at marka ng mga bansang kolonisador. At tulad ng nabanggit sa mga naunang talata, itinala ng kanilang grupo ang kanilang mga nakita at namasid bilang opisyal na mga ulat na naging publikasyon para sa kapakinabangan ng publikong Amerikano.

Nararapat lamang na salungguhitan ang pagiging opisyal ng kanyang pagdalaw sa Pilipinas sakay ng barko ng pamahalaan ng Estados Unidos. Sa katunayan, hindi pa natatagalan ang pagtapak niya sa kolonya ay sinalubong agad siya at ang mga kasama ni G. W. Hubbell, ahenteng konsulado ng Amerika sa Pilipinas (ph. 300). Ipinakikita nito na komersyal ang kalikasan ng presensyang Amerikano sa Pilipinas bagaman hindi pa pormal na binubuksan ng mga Espanyol ang kapuluan sa mga banyagang negosyante. Pinabubulaanan din ng maagang pagpasok na ito ng mga Amerikano sa Pilipinas ang kumalat na paniniwala noong Digmaang Pilipino-Amerikano na walang kaide-ideya ang mga Amerikano tungkol sa Pilipinas. Sa huli, nagpapahiwatig ng matalik na ugnayan ng puwersang-militar at komersyal na interes ng Amerika ang pagdalaw ni Stewart kasama ng hukbong pandagat ng kanyang pamahalaan.

Kapares ng iba pang mga banyagang awtor, ginamit ng awtor ang perspektibo mula sa anyong-tubig sa madaliang pagtingin at paglalarawan sa Manila. Kakatwa lamang ang nabuo niyang pagsasalungat sa dalawang dibisyon ng kapital: ang isang parte ay pinamumugaran ng mga Espanyol, samantalang para sa kanya ay “walang makikita” sa kabilang panig sa kadahilanang hindi kasinggara ng una ang kabahayan ng mga katutubo. Naiiba rin ang paglalarawan niya sa bangka at pamamangka kung ihahambing sa paglalarawan ng ibang natalakay na awtor dahil sa metikulosong paglalarawan niya nito. Itinuring niyang komportable at mabilis ang paglalakbay sa Pasig, nagpapakita na maginhawa at mabisa ang transportasyon sa tubig.

Kung si Stewart ay napadpad sa Pilipinas tulak ng opisyal na paglalakbay, ang sumusunod na bahagi ng papel na ito ay tatalakay sa mga manlalakbay na bunsod ng sariling kapasyahan ang pagpunta rito.

Mga Batis mula sa mga Manlalakbay

Ang Pasig ay Ilog para sa Lahat

Resulta ang *Hong Kong to Manilla and the Lakes of Luzon, in the Philippine Isles, in the Year 1856* (Ellis, 1859) ng pansamantalang pagbisita ng Ingles na si Henry T. Ellis sa kolonya. Isa siyang opisyal ng hukbong pandagat ng Britanya (Arensmeyer, 1970, ph. 94) sa Hong Kong at sabik dumalaw sa Manila. May regular na pagdating ng barkong pandigma ng Espanya mula sa Manila patungong Hong Kong kada buwan na nagdadala ng mga ulat at sulat sa huli. Bumabalik ang barko sa Manila makaraan ang dalawang araw

pagdating ng mga padala mula sa Inglatera (ph. 1-2). Masasabing bunsod ng sariling pagnanais na makita ang siyudad gayon din ng panayang paglalakbay ng sasakyang pandagat sa pagitan ng dalawang lugar ang mga dahilan sa pagtungo ni Ellis sa Pilipinas.

Nang magpasya si Ellis na dalawin ang Pilipinas, anim na linggo siyang bakasyon noon mula sa trabaho dahil na rin sa karamdaman (ph. 1) na hindi niya binanggit kung ano. Ayon sa Ingles ay usap-usapan ang Manila sa Hong Kong at ibig ng mga tao ritong pasyalan ito (ph. 7). Sa mas malawak na konteksto, ang Hong Kong ay isa sa mga sentro ng komersyo ng mga Briton. Isa ito sa mga *transshipment port* ng mga banyagang negosyanteng ang pakay ay Pilipinas (Diokno at Villegas, 1998, ph. 18).

Inilarawan niya ang dalawang piyer na pinagigitnaan ang ilog. Ang dulo ng isa sa mga ito ay kinatitirikan ng isang maliit na tanggulan. Ang isa pa ay nasa kaliwang direksyon ng ilog kung papasok dito kung saan nakatayo ang isang parola (ph. 28). Bago makapaglakbay sa kahabaan ng Pasig, kinakailangan munang huminto at daanan ang isang bantay-bangka na nasa kaliwang pampang ng ilog. Nakahimpil dito ang isang agregado (*attaché*) ng adwanang sumasakay ng iinspeksiyoning bangka. Sasamahan niya ang mga sakay ng bangka patungong “Aduana” na ang lokasyon ay nasa kabilang pasigan. Sakop ito ng Intramuros. Sinalaysay niya rin ang inspeksyon ng mga bantay sa adwana, na tila binubunutan ka ng ngipin sa tindi ng pagsisiyasat ng mga ito. Kung paanong hinahati ng ilog sa dalawa ang kapital, pinag-iisa pa rin ito sa pamamagitan ng dalawang tulay. Ang isa rito ay may walong arko na dahil nasira ang isa ay nabawasan ang taglay na rikit (ph. 50-51).

Ayon kay Ellis, may kaliitan ngunit magandang ilog ang Pasig. Nagmumula ang kariktang ito sa malalago at mayayabong na mga halama’t punong nakapaligid rito. May panahong kulay putik ito na sa opinyon ng dayuhan ay kabawasan sa hitsura nito. Gayunpaman, ayon sa mga naliligo sa Pasig, ang putik ay “malinis at kanais-nais ang katangian nito” (ph. 81). Naobserbahan din ni Ellis na mapamayaman o mapakaraniwang katutubo ay wiling-wili sa ilog:

...nearly all classes in Manilla have a liking for aquatic amusements. The Indians, both men and women, are very fond of immersing themselves in the refreshing waters of the “Pasig,” in company with boys on buffaloes, more or less, all the day long; and morning and evening find the river resounding with the merry ringing laughter of the light-hearted nymphs of this sunny isle,

mingling with fuller peals from the throats of other sex, native, Spanish, or foreign, as the case may be. I do not by this mean exactly to say that they all bathe up in a jumble - - that would be rather too much of a joke - - but each villa having its bathing-house, which leads into the open river, a visit, or even a dip, in company with some fair neighbour is not at all uncommon; and the amount of bathing attire worn is quite sufficient, at all events while pretty well immersed, to preclude any indelicacy. Formerly, I believe, regularly organised bathing parties, composed of both sexes, were much more common than now, and were looked upon as being exceedingly jolly; but though these good old days of primitive simplicity have somewhat given way to European refinement and prudery, yet something of the spirit still remains. (ph. 268-269)

Inabutan niya rin ang Pista ng San Juan o *Midsummer Day* kung saan ang pagdiriwang ay nakasentro sa Pasig. Walang katapusan ang pagdating ng mga bangkang lulan ang mga taong nakikisaya sa kapistahan. Nagpapaputok maski nasa tubig (ph. 269).

Sa pangkabuuan, positibo ang mga komento ni Ellis sa nasilayan niyang Manila at Ilog Pasig. Napatotohanan ang dati lamang ay mga kuwento na kanyang narinig at napatotohanan ang mga kuwento at mga sabi-sabi na mainam na makapaglakbay dito bago pa mamaalam sa mundo (ph. 7). Marami siyang nabanggit tungkol sa ilog: una, ang Pasig bilang kontrolado ng institusyon ng adwana; ikalawa, bilang ebidensya ng istruktura at arkitekturang ambag ng mga Europeo sa kolonya; ikatlo, ang mayamang kalinangan ng pamamangka na kinakatawan ng iba't ibang istruktura/disenyo ng mga bangka; ikaapat, ang ilog bilang tulay pangkomersyo ng mga bayang nasa labas ng lungsod at ng mga banyagang nagpapasok ng mga kalakal sa kolonya; at ikalima, ang ilog bilang espasyong nagpapatag sa kaibahan sa katayuang panlipunan noon. Halos sa Manila lamang umikot ang aklat na nagpapatunay ng pagnanais ni Ellis na mabisita ito. Tinatalakay ng kasunod na seksyon ang pagbisita ng isa ring Ingles na higit na tumutok sa aspektong pangkabuhayan.

Pasig at Ekonomikong Interes ng mga Ingles

Sinulat ni John Foreman, isang Ingles, ang *The Philippine Islands* (1890) bunsod ng paniniwalang lumalaki ang politikal at ekonomikong kahalagahan nito dahil na rin sa mga panlipunan at materyal na pagsulong. Siya ay ahenteng Briton ng isang kompanya ng makina (Kramer, 2002, ph.

1349). Nag-aalok siya ng gilingan/kiskisan (*mill*) na maaring pinatatakbo ng hayop o singaw sa mga may-ari ng taniman (Foreman, 1890, ph. 401). Siyam na taon, o posibleng higit pa, ang pananatili niya sa Pilipinas (ph. 392). Naglibot siya noon sa pangunahing mga isla ng Pilipinas (Preface, ph. v) dahil na rin sa kalikasan ng kanyang trabaho. Personal niyang nasaksihan ang Himagsikan 1896 at Digmaang Pilipino-Amerikano (ph. vii). Inimbitahan siyang magbahagi ng impormasyon at payo sa mga Amerikano dahil sa magandang reputasyon ng aklat niyang *The Philippine Islands* (LeRoy, 1907, ph. 388). Sinipi rin ito sa unang tomo ng *Census of the Philippine Islands* (1903) na inilimbag ng Amerika para kilalanin ang kinolonisang mga Pilipino (*Census*, 1903, ph. 500-503).

Hindi man inabutan, tinalakay niya ang nagdaang pagsalakay ng mga Briton sa Manila. Nabanggit ang Pasig na pinangyarihan ng labanan sa pagitan ng mga Briton at pinagsamang puwersang Espanyol-katutubo. Kinailangan itong mahawakan ng mga sumalakay upang malayang madala ang mga suplay sa itinayo nilang kampo. Maraming katutubo ang nalunod sa ilog habang nakikipagsagupaan (Foreman, 1890, 68-70).

Napansin ng awtor ang kaibahan ng kanang pampang. Ito ay sentro ng komersyo, kung saan matatagpuan ang Binondo na kinatatayuan ng mga banyagang bahay-kalakal habang kabaligtaran ang kaliwang pampang.

Ito ang inabutang Pasig at daungan ni Foreman:

The entrance to the Pasig River is between two moles, which run out westward respectively from the Citadel on the S. bank and from the business suburb of Binondo on the N. bank. At the outer extremity of the Northern mole is a lighthouse, shewing a fixed red light, visible 8 miles.

Vessels drawing up to 13 feet can enter the River. In the middle of 1887, a few electric lights were established along the quays from the River mouth to the first bridge, and one light also on that bridge, so that steamers can enter the River after sunset if desirable. ... The tides are very irregular. The rise and fall at springs may be taken to be 5 feet. (ph. 166)

Natukoy ng may-akda ang tipo ng banyagang sakayang maaring makapaglayag sa ilog, “*steam launches, and specially constructed steamers with flat bottoms of light draught and proportionately great beam*” (ph. 169). Nakalatag ang tatlong tulay sa ilog, ang isa ay gawa sa bato at bakal na nangangailangan din ng kumpuni (ph. 169).

Binanggit din ni Foreman ang establisimiyentong *European Club* na malapit sa ilog (ph. 172). Ang pagbubuo nito ay isa sa mga resulta ng pagbubukas ng Pilipinas sa pandaigdigang komersyo nang opisyal na buksan ang daungan nito noong 1834 (ph. 293-294). Mararating ang *European Club* mula sa Manila sa loob ng 20 minutong pagsakay. Nasa kanang bahagi ito ng Pasig. Karamihan ng miyembro ay mga Ingles na nagtatrabaho sa mga bahay-kalakal. Tatlung dolyar (\$30) ang bayad para makapasok, \$5 para sa buwanang subskripsyon, at karagdagang \$1 para sa buwanang bayad sa paggamit ng aklatan (ph. 172).

Hindi naikubli ni Foreman ang pagpanig sa kapwa Europeong Espanyol sa aklat na ito. Positibo ang kolonisasyon para sa kanya at kahanga-hanga ang tiningnang sakripisyo ng mga Espanyol sa pananakop sa Pilipinas. Ang perspektibong ito ay hindi lamang dahil sa parehong Europeo ang dalawang lahi kundi dahil sa kapwa sila mga mananakop. Ang pagbibigay-tuon niya naman sa aspektong pangkabuhayan ay mauunawaan sapagkat nangungunang banyagang mamumuhunan sa kapuluan ang mga Ingles at siya mismo ay kinatawan ng isang kompanyang Ingles. Hindi rin katakatakang ito ang layunin sa kanyang pagsusulat. Naiparating niya na para sa mga dayuhang gaya niya, pangunahin ang kahalagahang ekonomiko ng Pasig. Sa ibang paraan niya napahalagahan ang aspektong ito, di tulad ng natalakay na mga dayuhan sa mga unang pahina ng papel na ito. Maliwanag na ang pinanggagalingan niya ay ang ekonomikong interes ng mga Ingles, hindi ang kapakinabangang pangkabuhayan ng tubig sa mga katutubo na siyang ibinahagi ng karamihan sa banyagang mga awtor. Batay sa mga datos na inilalahad, masasabing ang Pasig ay naging mahalagang simbolo ng kaunlarang ekonomiko ng kolonya lalo na nang ito ang buksan para sa pormal na pagtanggap ng mga dayuhang mamumuhunan at negosyo. Ang seryosong interes at pagkakaroon ng pangmatagalang relasyong komersyal sa Pilipinas ng mga dayuhan ay pinatunayan ng pagtatatag ng istruktura para sa kanilang grupong mananatili rito.

Stevens: Pasig ng Kaunlaran, Kalinangan, at Kalamidad

Nagawang sulatin ni John Earle Stevens ang *Yesterdays in the Philippines* (1898) dahil bumisita siya sa kapuluan noong papatapos na ang 1893. Negosyo ang pakay niya, bilang isa sa mga kinatawan ng nag-iisa at tanging kompanyang Amerikano sa buong kapuluan noong panahon niya, ang Henry W. Peabody & Co. ng Boston at New York. Inaangkat nito ang abaka bilang hilaw na sangkap (Stevens, 1898, ph. xviii) sa paggawa ng papel at lubid sa layag ng barko ("Our History:" Henry W. Peabody & Co., Inc. 2013). Mga Amerikano ang pinakamalaking mamimili at tagapagluwas ng

abaka mula sa kolonya papasok sa Estados Unidos (Diokno at Villegas, 1998, ph. 15). Hindi inilahad ni Stevens kung bakit isa siya sa mga kinatawang ipinadala ng nasabing kompanya. Ang lumilitaw, isa siya sa iilang mga Amerikanong nakaaalam ng pag-iral ng Pilipinas sa mapa ng daigdig (Stevens, 1898, ph. xiii) bago pa mangyari ang Labanan sa Manila Bay noong 1898. Noong panahon niya, ang mga Amerikano ang siyang pinakamaliit na bilang ng mga negosyante sa arkipelago, iilang dosena noong 1890s (Kramer, 2002, ph. 1330).

Naging mahalaga ang kanyang akda sa mga Amerikano (*New York Times*, 1898) dahil sa nagkakahugis na interes ng Amerika sa kapuluan (Stevens, 1898, ph. xiii-xvii). Umabot sa kabatiran ng publikong Amerikano ang tungkol sa Pilipinas at sa huling mga pangyayari rito sa pamamagitan ng gawa ni Stevens. Bunga nito, tumindi pa ang pagnanais ng mga Amerikanong madagdagan ang kaalaman sa mga kaganapan sa arkipelago (*New York Times*, 1898).

Binanggit niyang ang Manila ay binansagang “Perlas ng Silangan” at “Venice ng Malayong Silangan” ng mga manunulat nang dahil sa Pasig at sa kalinangang materyal na nakapaligid rito. Pangunahing kalsada ng panahong ito ang Escolta na buhay na buhay at mga tindahan ang nasa tabi tulad ng lansangan ng Washington at Broadway. Espanyol ang wika ng komersyo, na kahit ang mga Tsino ay nagsasalita nito sa anyong *pidgin* (Stevens, ph. 11).

Likas na hangganan ng Manila ang ilog sa hilaga kung saan matatagpuan din ang pader na tuluy-tuloy sa daungan na tumatakbo mula sa dike at nagpapatuloy sa *Puente de España*, ang unang tulay na tumatawid sa ilog. Ang kaliwang pampang nito ay lunan ng pagnenegosyo na kakikitaan ng mga nakadaong na barko. Naroon din ang adwana at komunidad ng mga banyagang negosyo na kalapit lamang ng tabing-ilog. Sa likod ng mga nabanggit na establisimyento ay daan-daang makikipot na kalsada, imbakan, at mga tindahang hawak ng mga Tsino na siyang kumokontrol sa malaking porsyento ng kalakalan (ph. 12-13).

Nasaksihan din ni Stevens ang isang linggong pagdiriwang ng Pista ng Pandacan at ang nagdagsaang mga bangka at kasko sa Pasig sakay ang mga Pilipinong sa iba’t ibang lugar pa nagmula. Panay ang tugtog ng mga banda ng musika sa isang panig ng ilog gabi-gabi. Mayroon ding mga paputok, bomba, at kwitis kaya buhay na buhay ang kaagahan ng gabi dahil sa ingay at mga kislap (*sparks*). Sa gabi ng grandyosong pagtatapos ay tinawid nina Stevens ang ilog sakay ng mababaw na inukaang trosong bangkang

pantawid (*ferryboat*). Pagkatapos ng kasiyahan ay nagsibalikan ang mga banda at buong siglang tumugtog habang tumatawid ng ilog. Nagmamadaling sumakay ang mga tao sa kani-kanilang mga bangka habang nag-uusap-usap pauwi (ph. 32-34).

Inabutan din niya ang epidemya ng kolera at ang pag-iwas ng mga katutubo sa ilog na dati ay kinukuhanan ng inuming tubig (ph. 76). Isinalaysay rin ng Amerikano ang pagsakay sa lantsa na dahil sa malalaking alon na nililikha sa pag-andar sa ilog, ay tumaob ang tatlong bangkang puno ng damo patungong Manila (ph. 61-62). Dinatnan din siya ng napakalakas na bagyong *signal No. 5* at inilahad ang mga paghahanda ng mga tao sa ilog hanggang sa pansamantalang ipagbawal ang paglalayag. Lahat ng *steamers* at barko ay nagdagdag ng mga kable (ph. 129). Umapaw ang ilog hanggang sa lamunin nito ang bahagi ng kalupaan tulad ng Nagtahan nang umabot sa taas na walong talampakan ang baha. Muntik nang malunod ang mga kaibigan ni Stevens. Ang kabayong nakakabit pa ang kalesa ay nalunod sa palayan (ph. 133).

Sa patuloy na paglalakbay sa Pasig, napadako naman sila sa katutubong mga nayon na walang “puting dugo” na naninirahan. Pataas nang pataas ang mga nakikita niyang burol habang nababawasan ang ilog (ph. 61-62). Sa kanyang pananatili sa Pilipinas, may labanderong naglalaba ng kanyang mga damit linggu-linggo sa Ilog Pasig. Nakatayo ang labandero sa parte ng ilog na hanggang tuhod ang lalim, hinahampas ang kanyang mga pantalon nang itinataas lagpas sa ulo pababa sa patag na bato (ph. 85).

Inilimbag ang aklat matapos magwagi si Commodore George Dewey sa Labanan sa Manila Bay (ph. xiii). Nagsilbing publikasyon ito para sa mga Amerikano upang makilala ang lungsod at mga Pilipino (ph. xx). Kung paanong ang *The Philippine Islands, 1493-1898* nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson ay isang kolonyal na proyekto upang kilalanin ang bayang sinasakop, hindi nalalayo rito ang naturang akda. Maari ring sabihing isang pagtatangka ito sa bahagi ni Stevens upang maipakita ang potensyal ng Pilipinas sa komersyo nang sa gayon ay mahikayat ang ibang mga kalahi na mamuhunan na rito. Iba't ibang mukha ng Pasig ang naipresenta ng awtor sa akda: bilang simbolo ng sumusulong na kolonyal na ekonomiya, tagpuan ng mga dayuhang negosyante, at peligrosong ilog sa masungit na panahon. Kung paanong binigyang-pansin ni Foreman ang aspektong pangkabuhayan ng Pasig, gayon din si Stevens. Naitampok din ang katubigan bilang esensyal na lagusan at pook ng pagkakatipun-tipon at pagsasaya ng mga Pilipino. Para rin sa awtor, ang Pasig ay representasyon ng kariktang taglay ng Pilipinas, na maihahambing sa mga bantog na pook sa ibang bansa na kilala

sa natatanging ganda. Hindi niya rin maiwasang ihambing ang iba pang dinayong mga lugar sa mga lugar sa sarili niyang bansa.

Batis Mula sa Ekspedisyong Militar

Alençon: Pasig ay Manila

Ang *Luzon and Mindanao* ni Duc D' Alençon ay inilimbag noong 1870 ni Michel Levy Bros sa Paris. Si Alençon ay kinomision bilang kapitan ng hukbong Espanyol sa isa sa mga kampanya laban sa mga Muslim sa Mindanao. Ang pagkuha sa isang Pranses ng mga Espanyol ay akto ng pakikipagkaibigan sa mga ito bunsod na rin ng interes ng mga Pranses na magkaroon ng parte ng Pilipinas bilang kolonya (Alençon, 1870, *Preface*). Maari ring Pranses ang kinuha dahil kaalyadong bansa ito ng Espanya. Isa pa, dati ay may matagumpay nang kampanyang militar ang mga Pranses sa Mindanao. Nakuha nito ang Basilan na hindi nga lang sinuportahan ng hari ng Pransya dahil sa alyansa nito sa Espanya (Nardin, 2004, 86-87).

Importante ang sinulat ng kapitan sapagkat ito ay batis na nagbibigay ng paliwanag kung bakit bigo ang kampanyang militar ng Espanya laban sa mga Muslim. Samantala, pinuri niya ang mga prayleng Espanyol dahil di-umano sa kabaitan ng mga ito, habang tinuligsa niya ang mga *Indio*, partikular na ang mga nambabatikos sa mga prayle. Wala raw pagpapahalaga ang huli sa una (*Preface*).

Pinakamadalas na binanggit ng Pranses ang Pasig sa unang kabanata ng libro na nakapokus sa Manila nang kadaraong pa lamang ng sinakyan niyang barko mula sa ibayong dagat. Sa unang pagkakita at paglalakbay niya sa ilog, laganap na ang dilim nang sakyan nila ng kanyang mga kasamahan ang malaking bangkang *falua*. Daan-daan ang ilaw ng malalaking bangkang nakadaong sa mga pantalan. Napansin niya rin ang mga Tsinong negosyante malapit sa ilog (ph. 1).

Ginamit din ng awtor ang Pasig upang sistematikong mailarawan ang Manila sa pamamagitan ng likas na pagkakahati ng lungsod sa magkabilang pampang. Sa kaliwang direksyon ay ang Intramuros habang sa kabila naman ay kalinangan at buhay ng karaniwang Pilipino sa mga arabal (ph. 3-5). Nabanggit din niya ang pagkahumaling ng gobernador-heneral na nasa Malakanyang sa ilog dahil sa sariwang hanging nalalanhap dito at ang magandang harding malapit dito (ph. 10). Bilang dayuhan, isa sa kakaunting bagay na maaring paglibangan ay ang paglalakad-lakad sa daungan ng Pasig (ph. 13).

May kaiksian ang nilalaman ng kabanata hinggil sa Ilog Pasig. Magkagayunpaman, ang mga impormasyong binanggit ng awtor ay nagpapakita ng kalahagahan ng ilog sa iba't ibang paraan. Una, ito ang pinakaunang ilog na nasisilayan ng mga banyagang gaya ni Alençon papasok ng Pilipinas sa pamamagitan ng Manila. Halos hindi mapaghihiwalay ang Pasig at Manila. Ikalawa, ang ilog ay siyang lugar kung saan makikita ang mga uri, teknolohiya, at kultura ng pamamangka ng mga Pilipino at dayuhan noong panahong ito. Ikatlo, integral ang ilog sa transportasyon ng kapital. Ikaapat, ang paglalakbay rito ay mabisang paraan upang makita ang iba't ibang mukha ng Manila sa aspektong heograpikal, arkitektural, at panlipunan. Naging madali para sa awtor na maging pamilyar sa Manila at sa mga arabal nito dahil sa Pasig. Ikalima, importante ang ilog sa pangkabuhayan at sa pagpapalitan ng materyal na kalinangan. Detalyado niyang nailarawan ang abalang buhay rito, hanggang sa puntong hindi natutulong ang ilog. Panghuli, ang Pasig ay importanteng lunan upang masilayan ang iba't ibang etnisidad ng Manila. Ipinakita niyang ang pagkakakilanlan ng mga Tagalog ay kaugnay ng ilog. Natatangi ang akda ni Alençon dahil isinulat ito ng isang taong militar. Ibig sabihin, hindi lamang mga siyentipiko kundi iba't ibang Europeong personalidad ang naglakbay papuntang Pilipinas sa pinapaksang yugto ng kasaysayan sa papel na ito.

Ang Ilog Pasig sa Agos ng Panahon

Ang salaysay tungkol sa Ilog Pasig ng sinaunang lipunan at ng lipunang kolonyal ay kasusumpungan ng mga pagkakatapatang mga pagkakaiba sa harap ng radikal na mga pagbabago sa kalagayan ng kapuluan. Mula nang maging sentro ng kalakalan ang Manila hanggang sa pagdagsa ng mga Europeo noong ika-19 na dantaon, ang katubigan ang sikreto at susi sa kasaganaan at karangyaang ito. Hindi rin napawi ang integral na papel nito sa transportasyon bilang pangunahing punong lansangan. Magkagayon man, kaya lumilitaw na ang Pasig ang pangunahing ilog sa buong kolonya batay sa mga akda ng mga dayuhan ay dahil sa matagal na polisiya ng mga Espanyol na isara ang Pilipinas sa mga tagalabas. Subalit, nang ipawalang-bisa ang patakaran, muling dinayo ito ng mga banyaga. Kung noon ay kadalasang uring mangangalakal na Asyano ang nagtutungo, sa ika-19 na siglo ay iba't ibang uri ng personalidad na buhat naman ng Europa ang nagsipasukin. Sa mas malawak na pagtingin, hindi na lang din interes komersyal ang habol ng mga manlalakbay, kundi, samu't saring layunin at kadahilanan. Ang mga Asyanong mangangalakal noon ay walang motibo ng pagpapalawak ng teritoryo at kapangyarihan, habang ang mga Europeo, bagaman magkakaiba ang intensyon sa pagbisita, ay kadikit ng ambisyon ng pagpapalawas at pagpapalawak ng kapangyarihang kolonyal.

Bago ang pananakop, mga Tagalog ang mukhang masisilayan sa pamayanang namukadkad sa tabing-ilog. Sa panahon ng mga Europeong awtor, iba't ibang etnisidad na ang naninirahan at nakapalibot sa Pasig ngunit mga Tagalog pa rin ang prominenteng pangkat na binanggit nina Jagor na nagkalat dito. Iyon nga lamang, sila ay malayo na sa naghaharing-uring Tagalog noong mga araw ni Raha Soliman.

Ang likas na kasaganaang angkin ng Pasig ay nagpatuloy rin sa loob ng ilang daang taon. Gayon din sa mayamang kalinangan sa bangka, na noong ika-19 na siglo ay nahaluan na ng mga barkong uring banyaga, partikular ang buhat pa sa Europa. Mapakatutubo o dayuhang sakayan, parehong nagdaragdag sa magandang maritimong panorama.

Pagdating naman sa kalidad ng tubig ng ilog, maaring ipalagay na ang nag-uumpisang pagdumi nito ay noong ika-19 na siglo. Batay na rin ito sa obserbasyon ni Jagor na nabanggit sa itaas.

Ang Ilog at ang Batis: Isang Pagtatasa

Ang mga primaryang batis na inilahad at siniyasat sa itaas ay maaring iuri sa dalawa: una, iyong mga higit na nagtuon sa Manila; at ikalawa, iyong mga nagpokus sa iba't ibang mga lalawigan sa labas ng kapital. Sa unang grupo pumasok ang Ilog Pasig bilang ilog ng Manila. Hindi lamang ito simpleng pag-aangkin sa tubig, kundi nangangahulugang may malaking kinalaman at epekto ito sa pangkalahatang buhay ng siyudad. Sa ganito mapahalagahan ang sinulat ni Le Gentil, at sa kaalamang bago pa mag-umpisa ang ika-19 na siglo ay naroon na ang kasiglahan sa panloob na palitan ng mga produkto, na isa namang pagpapatuloy ng napakatagal nang gawaing ekonomiko noong panahon pang dati. Isang kaalamang pangkasaysayan din ang mapupulot mula sa mga akda nina Le Gentil at Jagor: nakapapasok na ang mga Europeong tulad nila bago pa pormal na buksan ang Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan noong 1834.

Mababakas din ang pagbabagong-mukha ng ilog sa mga tala ng mga Europeo. Sa panahon ni Mallat, ang mga Ingles at Amerikano ang kanyang binanggit. Sinusuportahan ito ng katotohanang ang dalawang lahing ito ang pinakamalaki ang interes at papel sa ekonomiyang kolonyal ng ika-19 na dantaon. Subalit gaya ng dalawa, ang Pransya ay naging pokus ng talakayan ni Mallat sa usapin ng komersyo. Naipakilala rin ang kalikasan ng Pasig: marikit, mayaman, at mapanganib. Ang uri at yaman ng kalinangang taglay nito ay naitampok din. Nagsisilbi ring nakasulat na mapa

ng dating ilog ang mga primaryang batis, lalo na't ilang estero na nito ang natabunan. Sa akda ni Mallat, binanggit ang ruta ng katubigan; ang mga bayang dati ay dinadaluyan nito.

Patuloy na masasalungguhan sa inilimbag na mga gawa nina Jagor at Marche ang sentralidad ng Pasig sa buhay ng mga Pilipino at iba pang uri ng tao sa kolonya. Ang maritimong pamayanan nito ay masasabing isang uri ng komunidad na kapwa natatangi at bahagi rin ng buhay kolonyal. Tagpuan ang ilog ng iba't ibang uri ng indibidwal na naninirahan sa iba't ibang sulok ng Pilipinas. Kung paanong ang tubig ng Pasig ay malayang dumadaloy, ang parte ng buhay ng mga katutubong nakadikit dito ay nagiging malaya rin. Malayang paglalakbay at pakikipag-ugnayan ang nagaganap dito.

Mahihinuha rin ang magkaibang pagpapahalaga ng mga banyaga at katutubo rito. Sa panahon ni Jagor, hindi na kasinglinaw ang tubig ng Pasig kung ikukumpara sa panahon nina Le Gentil at Mallat. Magkagayunpaman, sa ulat ni Marche, naroon pa rin ang lusog ng ilog na sumusustena ng maraming bagay na may buhay.

Sapagkat ang Pasig ang pangunahing lagusan sa loob at labas ng kapuluan, ang kahalagahan ng bangka at pamamangka rito ang nakaagaw ng pansin ng Amerikanong si Stewart. Pangunahing ebidensya ito ng maritimong kalinangan, lalo't higit ikinomento niyang komportable at mabilis ang transportasyon dito. Ang masiglang transportasyon sa Pasig noong ika-19 na dantaon ay patunay kung gaano kabisa ang pamamaraang ito ng paglalakbay. Palatandaan din ito ng mayamang kalinangan sa bangka. Magandang muling pasiglahin ang transportasyon sa ilog sa ngayon bilang solusyon sa malalang suliranin sa trapiko sa mga kalsada ng Metro Manila.

Kaparis ni Stewart, binanggit din ni Ellis ang iba't ibang sasakyang nakahimpil at tumatawid sa tubig. Dama ang institusyong kolonyal at mga istrukturang Europeo sa paligid nito subalit mas esensyal ang mensaheng nakuha sa kanyang akda na ang Pasig ay lunan ng pagkakapantay-pantay para sa lahat. Ito ay sa paraang nagsisilbi itong espasyong pinagbubuklod ang magkakaibang uring panlipunan na makikita sa mga aktibidad ng mga ito sa araw-araw. Subalit, ang Pasig ay nagtataglay pa rin ng dalawang magkasalungat na mukha noong kolonisasyon: karangyaan at karukhaan. Biswal na sinisimbolo ito ng magagarang mga tahanan at istruktura sa isang panig at simpleng dampa, na ang iba ay gigiray-giray, na nasa kabilang panig manan ng ilog. Ang maritimong panorama ay nagbibigay ng tanawing sumasalungguhit sa pagkakaibang panlipunan.

Nagkakapareho rin ang Ingles na si Foreman at ang Amerikanong si Stevens sa pagbibigay-diin sa ekonomikong katangian ng katubigan. Muli, ang dalawang nasyonalidad ang nagpapatakbo ng ekonomiyang panluwas kung kaya't nakaayon dito ang malaking bahagi ng kanilang gawa. Naging sentro man ng kalakalan ang Pasig, hindi maiwasang may masumpungang negatibong implikasyon ito. Sa mahabang panahon ay ito lamang ang dinarayo ng mga katutubo mula sa iba't ibang lalawigan o rehiyon. Sintomas ito ng mabagal na pag-usad ng ekonomiyang kolonyal, lalo na ng antas ng pamumuhay ng mga nasa ibaba. Dahil sa sentralidad ng Pasig sa domestikong kalakalan, maaring ipalagay na nakabansot ito sa sana ay higit na aktibong palitan sa pagitan ng iba't ibang bayan; hindi lamang sa pagitan ng mga ito at ng Manila.

Mahihiwatigan ang maritimong pamayanang nagpundar ng maritimong kalinangan ng Pasig ang siyang may kagagawan ng unti-unting pagdumi nito. Ang nag-uumpisang polusyon ay hindi nakaligtas sa paningin ni Jagor. Tila kasabay rin ng progresong mayroon noon ay ang pagkasira naman ng kagandahan at kalinisan ng ilog. Malaking dahilan din ang polisiyang ekonomikong ang Manila lamang ang bukas na pantalan. Bunga nito, talagang sa Pasig nagkumpulan ang kabahayan na kinalaunan ay mag-aambag nang malaki sa paglabo ng tubig.

Ang mga ito ay may mga limitasyon, sanhi na rin ng panandalian lamang na pananatili ng mga ito sa Pilipinas. Una na rito ay ang kakulangan sa pagtalakay sa Pilipinas bilang isang kabuuang heograpikal. Sa libro ni Jagor, wala ang Mindanao. Isa pa, hindi rin tumpak ang paghahambing sa Pilipinas bilang isang kolonya, sa Alemanya halimbawa, na isa sa mga kapangyarihang pandaigdig, kaugnay ng materyal na progreso.

Maaring tingnan o mapahalagahan sa dalawang paraan ang mga primaryang batis na ginamit sa pag-aaral na ito. Una, mahahalagang batis ang mga ito na sinulat ng mga direktang nakasaksi sa Pasig, at sa Pilipinas sa pangkabuuan. Ang talakayan sa itaas ay nagpapakitang esensyal ang ibinabahaging datos ng mga ito patungkol sa ilog. At ikalawa, nagagamit ang mga ito upang makakuha ng ibang perspektibo, maliban sa mga Espanyol na pangunahing tagapagtala ng mga kaganapan noon. Gayon pa man, dahil tagalabas pa rin ang awtor gaya ng mga Espanyol, hindi rin lubos na naiiba ang kanilang perspektibo mula sa huli. Sa pamamagitan ng mga batis na natalakay, paano nga ba narepresenta ang mga Pilipino at ang Pilipinas? May mga bahagi ang mga aklat na naglalaman ng personal na opinyon ng mga manlalakbay na hindi gaanong positibo kaugnay ng mga katutubo. Ipinahayag ni Stewart na "walang makikita" sa isang dako ng ilog kung

saan katutubong kabahayan ang nakatayo. Sinabi naman ni Ellis na ang sabayang paliligo ng kalalakihan at kababaihan sa Pasig ay patunay ng “primitive simplicity.” Ang mga akda ay kinilalang “awtoridad” sa kaalaman tungkol sa kolonyang tulad ng Pilipinas. Silang mga Europeo ay tila “eksperto,” na lalong napagtibay dahil na rin sa mahaba-habang panahong iniukol ng ilan sa kanila sa pag-aaral tungkol sa Pilipinas, halimbawa na lamang si Jagor. Dulot ng mga nabanggit na kadahilanan, kinakailangan ang mapanuring paggamit ng mga akda. Nararapat balansehin ang perspektibo ng mga awtor ng perspektibong mula sa mga Pilipino.

Sa kaso nina Le Gentil, Mallat, Jagor at Marche, masasabing malaki ang ginampanang papel ng mga intelektwal, akademya, at institusyon ng pamahalaan kaugnay ng edukasyon sa mga siyentipikong misyon. Ang mga eksplorasyon, nakalap na mga datos, at mga pag-aaral na nailimbag sa huli ay mga pruweba ng masulong na agham ng mga Kanluranin sa yugtong ito ng kasaysayan. Datapuwat hindi maiwasang itanong: para nga lang ba sa ngalan ng siyensiya ang pagkolekta ng mga artipak at pag-uulat ng bumisitang mga siyentipiko? Maituturing ba ang paghanga sa likas na kariktan, at pagtanghal sa yaman ng kailugan, ispesipiko ang Pasig, at ng iba pang anyo ng yamang likas ng Pilipinas bilang simple at inosenteng pagsasalaysay lamang nang napagmasdan ng mga Europeong manunulat? Higit na magiging malinaw at maiintindihan ang kabuluhan ng mga ito kung susuriin ang mga batis kaugnay ng motibo ng misyon at sa konteksto ng nagtatagisan sa kapangyarihan na mga bansang Europeo noong ika-19 na dantaon. Sa paliwanag ni McLennan tungkol sa gawa ni Marche: “*Marche wrote this work to capitalize upon the romantic craving of nineteenth century Europe for popular accounts of exotic lands and bizarre customs*” (McLennan, 1972, ph. 998). Siyentipiko man, hindi maituturing na lubusang obhektibo ang kanilang mga isinulat dahil na rin sa nalalambungan ito ng pulitika ng kanilang panahon. Ang inilimbag na mga akda, mula kay Le Gentil hanggang kay Foreman, ay para sa kapakinabangan ng kanilang mga kababayan, hindi para sa mga Pilipino. Halimbawa, naging mahalagang publikasyon ang kina Stevens at Foreman para sa imperyalismong Amerikano.

Ang isang negatibong epekto ng mga misyong pang-agham ay ang pagkawala nang marami sa ating kalinangang materyal. Sa ganitong aspekto ay naidiriin ang kapangyarihan ng mga Europeong bansa na kunin ang mga bagay na ito na mahalagang simbolo ng matandang kalinangan at kabihasnang naipanday ng ating mga ninuno. Masasabi tuloy na hindi lamang karakter ng yugtong ito sa kasaysayang pandaigdig ang laganap na mga eksplorasyon at misyong agham. Sa halip, para sa mga lupaing kolonisado, katumbas ito ng pagkawala ng importanteng mga pamanang pangkalinangan.

Ang mga pisikal na ebidensyang inilabas sa Pilipinas ng siyentipikong mga misyon ay nagbigay ng tuwirang ebidensya tungkol sa pamumuhay ng mga ninunong Pilipino. Subalit, dahil ang namamayaning balangkas pangkaisipan ay nagdirin sa kabangisan, pagiging primitibo, at kawalan ng sibilisasyon, lumalabas na baluktot na kaalaman ang naiparating tungkol sa ating mga ninuno at sa naging uri ng kanilang pamumuhay. Masasabing kolonyal na kaalaman ang kanilang “nalikha” tungkol sa mga Pilipino at Pilipinas sa kani-kanilang mga bansa. Maaring sapagkat walang pagpapahalaga ang mga Espanyol sa mga ebidensyang arkeolohikal na nadala ng mga siyentipiko sa Europa. Hindi rin kataka-takang posibleng hinayaan ng mga awtoridad na Espanyol ang pagkuhang ito dahil hindi naman nila intensyong pangalagaan ang mga pamanang pangkalinangan ng ating mga ninuno.

Sa kabilang banda, ano ang kapakinabangan ng mga Pilipino at Pilipinas mula sa mga ito noong ika-19 na siglo? Mahihinuhang wala, lalo na’t nakasulat ang mga publikasyon sa iba’t ibang banyagang wika. Karagdagan pa, ang mga kaalamang nilalaman ng mga ito ay hindi naakses ng mga Pilipino. Patungkol sa ilog, hindi man nabasa ang tungkol rito, masasabing hindi naman kinakailangan sapagkat mismong ang mga Pilipino ang may tuwirang kaalaman at karanasan sa pamamangka, paninirahan sa tabing-ilog, at kalinangang maritimo nito. Masasabing ngayon na lamang sa panahon natin tayo nakikinabang sa mga publikasyong ito na tinitingnan natin bilang mga primaryang batis. Samakatwid, ang mga Pilipino sa ngayon, lalo na ang mga mag-aaral ng kasaysayan, ang tunay na nakikinabang sa ganitong mga gawa.

Paano na ngayon titingnan ang mga paglalakbay na ito ng mga Europeo? Malinaw na hindi lamang ang pagnanais na makilala ang Pilipinas bilang natatanging kalupaan ang nag-udyok sa mga Europeong pumarito dahil pansariling interes, at eksternal na puwersa at motibo ang nagdala sa kanilang mga paa rito. Kung ang Pasig ay naging mabisang tulay sa transportasyon at komunikasyon ng mga Pilipino sa iba’t ibang panig ng Pilipinas, naging pintuan naman ito ng mga dayuhang bisita upang maisakatuparan ang kani-kaniyang pakay rito. Ito ay upang mapagtibay ang namamayaning kaisipan sa Kanluran noon patungkol sa mga lupaing ibig ng mga Europeong magkaroon ng pamilyaridad. Sa totoo lang, sekondaryang layon lamang ang makilala ang mga malalayong lupain sa Asya at sa iba pang kontinente sa labas ng Europa. Pangunahing layon ay matiyak ang mahihita ng pinanggalingang bansa sa destinasyong lugar. Ang pagpasok nila sa kapuluan sa pamamagitan ng ilog ay humantong sa pagkumpirma nila sa Orientalismong pananaw. Hindi rin ganoon kalaki ang interes sa

kosmopolitang pamumuhay sa Pasig at kaya tila pahapyaw lamang ang salaysay nila, ay dahil ang puntirya nila ay ang “exotic.” Isa pa, ang paglalayag at pagtungo ni Stewart sa Pilipinas ay nakapaloob sa mas malawak na konteksto. Ang pagporma ng Amerika bilang makapangyarihang bansa ay siyang sinisimbolo ng mga barkong nangagkalat sa mga karagatan noon. Ang matagumpay na pagdating at paglalakbay sa Pasig ng mga sakayang ganito ay nagpapahiwatig ng pagiging makapangyarihan ng Estados Unidos base na rin sa antas ng teknolohiyang bumuo ng mga barkong kayang maabot ang malalayong lupain. Tila pag-eespiya sa parte ng mga Amerikano ang itinala ng grupo ni Stewart tungkol sa Pilipinas.

Konklusyon

Sa pangkalahatan, ang mga banyagang mata ng mga dumalaw noong ika-19 na dantaon ay nag-iwan ng makulay at buhay na larawan ng Ilog Pasig. Ang pisikal na ganda nito ay lalong pinatingkad ng pangunahing papel nito sa buhay ng mga residente ng Manila at sa mga dumarayo pa mula sa labas nito, gayon din sa iba pang mga naglalakbay. Sa kabila ng pagiging kolonya, ang yamang likas na ikinakanlong sa kailaliman nito, pati ang yamang likas sa lupaing nakapaligid rito, ay nakatutulong nang malaki sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga katutubo. Samu’t saring mga gawain sa araw-araw—mula sa paliligo, pangingisda, hanggang sa pamamangka—ang nagdagdag rin ng sigla sa Pasig. Naglalakbay man sa ilog o naninirahan sa tabi nito, iisa ang pinatutunayan nito: ang ilog ay mahalagang pook para sa ugnayang panlipunan, at pagsibol ng maritimong pamayanan, at maritimong kalinangan. Ang tubig ng Pasig ay tubig ng nag-uumapaw na buhay.

Siyensiya, politika, at ekonomiya: tatlong pinakamakapangyarihang puwersang nagpakilos sa mga Kanluraning makipagsapalaran palabas ng kani-kanyang bansa upang tumuklas ng kaalaman at ng mga lupain, nang mapalawak ang kapangyarihang politikal, at lalong palaguin ang kanilang yaman. Ang kanilang pansamantalang pananatili sa Pilipinas ay nakapaloob sa mga ikutang pangyayari sa dalawang kontinente ng Asya at Europa sa makasaysayang yugto ng ika-19 na siglo. Ang kolonisasyon ng mga kapitbahay na bansa sa Timog-Silangang Asya at paghahabol sa bansang Tsina ang mas malawak na kontekstong kinapapalooban ng mga paglalakbay. Kolonisasyon at ekonomikong kaunlaran ang mga motibo ng mga Kanluranin sa Asya. Pransya at Amerika ang dalawang bansang ang motibo ay ang una, habang Pransya rin at Britanya ang may habol sa huli. Kolonya man, maliwanag na saklaw ang Pilipinas ng mahahalagang kaganapang pandaigdig noong ika-19 na dantaon.

Mga kilalang intelektwal, miyembro ng mahahalagang mga misyon, at mga kinatawan ng mga multinasyonal na kompanya ang mga awtor ng mga sinuring batis sa papel na ito. Lahat ay nag-ulat tungkol sa yamang itinatago ng Pilipinas — likas, artipak o arkeolohikal — na lubhang nagpatingkad sa gandang taglay nito sa paningin ng mga manlalakbay. Ang mga Amerikano ay agad ring nakita sa Pilipinas sa maagang bahagi ng ika-19 na siglo sa opisyal na pagpapadala ng Estados Unidos. Nang sakupin ng Amerika ang bansa, may kabatiran na sila sa yaman at potensyal ng bansa sa komersyo, lalo na't, katambal ang Britanya, nangungunang tagapagluwas ng mga produktong agrikultural ng Pilipinas. Ang akda ni Stevens ay nagpaningas sa interes ng mga kalahi sa Pilipinas lalo na't lumabas ang kanyang libro noong unang taon ng puwersang Amerika sa Pilipinas.

Sa kabila ng nangibabaw na magkakaibang layunin ng iba't ibang banyagang indibidwal na kinakatawan ang kanya-kanyang bansa, hindi maitatatawa ang esensyal na mga datos na naitala nila hinggil sa Pasig. Sa mga akdang tulad ng kay Ellis, tunay na ang Pilipinas, Manila at Ilog Pasig sa kapanahunang ito ay bukambibig at kilala na sa ibayong-dagat. Ang mga siyentipikong dinala ng kanilang mga pagpupursigang pang-agham sa Pilipinas ay nag-iwan ng mga publikasyong maliwanag na sinasalamang ang kanilang larangang kinabilangan. Ang siyentipikong istilo at kalidad ng kanilang mga akda ay nakaimpluwensya sa kongkretong pagsasalaysay tungkol sa Pasig at sa matinkad na maritimong kalinangang taglay nito noong ika-19 na siglo. Kung paanong ang mga mata ng mga ito ay nakatuon sa kalikasan at sa mga yamang likas, nailarawan nila ang kalikasan at yamang angkin na nakapalibot sa Pasig. Ang naitala ng mga dayuhan tungkol sa yaman ng Pasig ay bahagi lamang ng maituturing na pangkalahatang sarbey ng kabuuang yaman ng Pilipinas. Kaugnay ito ng pagtaya sa kapakinabangang komersyal ng kolonya para sa pansariling interes ng mga bansang pinagmulan.

Hindi man ito ang sentral sa mga inilimbag nilang akda, lumutang ang mga katangian, kahalagahan, at pagiging simbolo ng Pasig sa transportasyon, kabuhayan, panlipunan, at pangkalinangang aspekto ng buhay Pilipino sa ika-19 na siglo. Ang mga obserbasyon ng mga dayuhang naglakbay ay maituturing na tala ng mga pagbabagong naganap sa Pasig/Pilipinas mula kay Le Gentil hanggang kay Stevens. Mula sa dami at iba't ibang uri ng mga sakayang naglayag dito, mga taong samu't saring kalakal ang bitbit, hanggang sa mga istrukturang naitayo, ay mga katibayan ng pagsulong ng estadong ekonomiko ng kolonya.

May tuwirang ugnayan din ang mga dayuhan sa mga katutubong nakasama sa bangka at napagmasdan mula sa paglalayag sa Pasig. Paghanga sa kakayahan at kalayaang kaugnay ng maritimong pamumuhay, obhektibong paglalahad ng mga pangkabuhayang gawain, at iba pa ang nilalaman ng salaysay ng mga Europeo tungkol sa mga katutubo. At panghuli, ang mga katutubo ang pangunahing grupong umaasa sa ilog/ anyong-tubig. Sila ang tagapagdala ng mga produkto mula sa iba't ibang lugar papasok sa Manila at gumagampan ng karaniwang hanapbuhay may kinalaman sa ilog. Kapag sila ay nasa ilog, nagkakaroon ng malayang paggalaw, kasaganahan, at kasiyahan.

Mahalagang pakatandaan ng isang mag-aaral ng kasaysayan na ang mga primaryang batis sa sanaysay na ito ay malaki ang kinalaman sa kanyang kapanahunan. Nakilala, kung hindi man ganap, ng mga Europeo ang Pilipinas. Ngunit, ang motibo ay hindi para itampok ito para sa sarili nitong interes, kundi, para idiin ang kahalagahan nito sa hinahanap ng mga Europeong eksotiko. Binibigyang-liwanag nito kung bakit halos pahapyaw lamang ang pagbanggit sa Ilog Pasig. Isa pa, mga Europeo ang unang nakinabang sa mga publikasyon, hindi ang mga Pilipino ng ika-19 na siglo. At dahil tagalabas at mga among kolonyal ng ibang mga kolonya, maihahanay rin ang kanilang mga gawa at perspektibo sa tinatawag na kolonyal. Ito man ang isang panig ng istorya, hindi maitatatwang ang kabilang panig ay positibo sa paraang may nababalikan ang mga Pilipinong mag-aaral ng kasaysayan na mga batis na hindi lamang Espanyol ang sumulat.

Sa mata ng banyagang mga awtor, lumutang ang esensyal na mga katangian ng Ilog Pasig noong ika-19 na dantaon. Matibay itong ebidensya ng kalinangang maritimong minana pa ng mga Pilipino sa mga ninunong Austronesyano at matatag na nagpatuloy sa ilang siglong kolonyalismong Espanyol. Pasig ang sentro ng buhay ng mga katutubo, partikular ang mga Tagalog na siyang pangunahing etnolinggwistikong grupong nananahan sa tabi nito. Sa tatlong paraan maaring ituring ang ilog: komersyal, panlipunan, at pangkalinangang espasyo. Nagsilbi rin itong pintuan at tulay ng Pilipinas sa mga dayuhang nagnanais pumasok, dumalaw, at maglakbay. At panghuli, makabuluhang simbolo ang Ilog Pasig ng kalidad ng buhay at kalagayan ng Pilipinas bilang kolonya.

NOTE

*Analyn B. Muñoz is Assistant Professor at the Department of History and Philosophy, University of the Philippines Baguio. She obtained her B.A. History and M.A. History in UP Diliman, where she is also pursuing her Ph.D. in History. Her publication includes *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo* (2012), and *Shuntug: Mga Kabundukan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino* (2015), to name a few.

ENDNOTE

¹<http://latitude.to/articles-by-country/ph/philippines/12940/pasig-river>

SANGGUNIAN

Primaryang batis

- D'Alençon, D. (1870). Tgsln. E. Aguilar Cruz. *Luzon and Mindanao*. National Historical Institute, 1998.
- Chirino, Father Pedro S., S.J. "Relacion delas Islas Filipinas". 1604. *The Philippine Islands, 1483-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson (First Printing 1903, CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor), Volume XII.
- Ellis, H. T. (1859). *Hong Kong to Manilla and the Lakes of Luzon, in the Philippine Isles, in the Year 1856*. London: Smith, Elder and Co.
- Foreman, J. (1890). *The Philippine Islands*. London: Sampson Low, Marston, Searle & Rivington, Ltd.
- Jagor, F. (1873). *Travels in the Philippines*. Manila: Filipiniana Book Guild, 1965.
- Le Gentil de la Galasiere, GJHJB. (1779-1781). Tgsln. Frederick C. Fischer. *A Voyage to the Indian Seas*. Manila: Filipiniana Book Guild, 1964.
- LeRoy, J. A. (Jan. 1907). Review of *The Philippine Islands*. *Nasa The American Historical Review* (Oxford University Press on behalf of the American Historical Association), Vol. 12 ,No. 2, 388-391. Nakuha noong Pebrero 9, 2017 mula sa Website: <http://www.jstor.org/stable/1834075>.
- Mallat, JB. (1846). Tgsln. Pura Santillan – Castrence at Lina S. Castrence. *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*. Manila: National Historical Institute, 1998.

- Marche, AA. (1887). TgsIn. Carmen Ojeda at Jovita Castro. *Luzon and Palawan* Manila: The Filipiniana Book Guild, 1970.
- Morga, Antonio de. "Sucesos de las Islas Filipinas". 1609. *The Philippine Islands, 1483-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson (First Printing 1903, CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor), Volume XV.
- New York Times*. "An American in Manila: Mr. Joseph Earle Stevens's Account of a Two Years' Sojourn in the Philippines," July 30, 1898.
- Stevens, John Earle (1899). *Yesterdays in the Philippines*. New York: Charles Scibner's Sons.
- Stewart, Charles Samuel (1832). *A Visit to the South Seas, in the U.S. ship Vincennes during the years 1829 and 1830; with notices of Brazil, Peru, Manila, the Cape of Good Hope, and St. Helena*. New York: J.P. Haven.
- United States Bureau of Census. *Census of the Philippine Islands, 1903*. Washington: Gov't. Print. Off., 1905, Volume 1.
- Sekondaryang Batis*
- Alejandro, R. G. & Yuson, A. A. (2000). *Pasig: river of life*. Manila: Unilever Philippines.
- Arensmeyer, E. C. (1970) "Foreign Accounts of the Chinese in the Philippines: 18th-19th Centuries." *Nasa Philippine Studies*, Vol. 18, No. 1 (January 1970), pp. 83-102. Nakuha noong 17 Oktubre 2018 mula sa <https://www.jstor.org/stable/42631998>
- Antunes, C. & Jos Gommans, MPAT. (2015). *Exploring the Dutch Empire: Agents, Networks and Institutions, 1600-2000*. UK: Bloomsbury Academic.
- Berend, I. T. (2013). *An Economic History of Nineteenth-Century Europe: Diversity and Industrialization*. USA: Cambridge University Press.
- Boomgaard, P. (2013). "Introduction: From the Mundane to the Sublime: Science, Empire, and the Enlightenment (1760s-1820s) sa Peter Boomgaard, *Empire and Science in the Making: Dutch Colonial Scholarship in Comparative Global Perspective*. USA: Palgrave MacMillan.
- Clark, T. (2000). "Introduction" sa Karl-Heinz Wionzek. *Germany, the Philippines, and the Spanish-American War" Four Accounts by Officers of the Imperial German Navy*. Manila: National Historical Institute.
- Diokno, MS. & Villegas, R. N. (1998). *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Mandaluyong City: Asia Publishing Company Limited. Volume 4.
- Header. H. (1996). *Europe in the Nineteenth Century, 1830-1880*. London: Longman Group Limited, 1966.

- Larkin, J. A. (1986). "Review of *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*". Nasa *The Journal of Asian Studies*, Vol. 45, No. 2 (Feb. 1986), pp. 456-457. Nakuha noong 17 Oktubre 2017 mula sa <https://www.jstor.org/stable/2055908>
- Kramer, P. A. (2002). "Empires, Exceptions, and Anglo-Saxons: Race and Rule Between the British and United States Empires, 1880-1910." Nasa *The Journal of American History*, Vol. 88, No. 4 (Mar.), pp. 1315-1353. Nakuha noong 26 Hulyo 2018 mula sa <https://www.jstor.org/stable/2700600>
- Nardin, D. (2004). Tgsln. Maria Theresa J. Cruz. *France and the Philippines: From the Beginning to the End of the Spanish Regime*. Manila: National Historical Institute.